



THE
VILMA
MAGAZINE



Vilma Santos Recto
- 475,740
Armand Sanchez
- 344,959

Mar Garces'
part 1 of 3 series
"Vilma Santos is
the greatest
actress of all
time"

Election Coverage

10 Most
Influential
Vilmanians

Featured
Vilmanian:
Samuel
Guzman

Interview with
Luis Manzano

Sweet

VICTORY

JUNE 2007 NO. 11

{ e - mails }

From Around the GLOBE

"THE fans of Vilma Santos are announcing that they have just released the new issue of the Vilma Santos Newsletter. We're glad they continued this as it was announced last year that they're not coming out with it anymore. This can be downloaded at the Internet."

- *Mario Bautista* People's Journal, 03/08/07

Ang sarap ulit-uliting basahin V mag, thanks a lot. Mabuhay ka at lahat ng mga writers ng "V". Again, thank you.

Franco, California, USA

I've read the latest edition of our v mag!!! Love it! Thanks! for including my articles!!! Congratulation to the other contributors!! Looking forward to another edition!! I hope mayor vi will see the result of our labor of love - THE V MAG!!! Regards to all!!

Bunso, Philippines

Congratulations to the writers sa first quarter issue ng ating V Magazine (now ko lang nabasa kasi na-binding na sya, nahihilo kasi ako pag matagal nakatutok sa computer). Wow! Talaga habang tumatagal ay paganda ng paganda! I realized again na how much time you put it & how good job you're doing, bravo! Thanks so much talaga for your time & efforts ganun din sa ating mga writers na nag-submit ng kanilang articles At ang mga pictures na kuha ni Tito Liam, very appreciated. Ang ganda ng pix ni Ate Vi na nilagay mo sa poem ni Jen Aquino (ang sarap basahin ng poem, so proud of her & to bunso Kristine din of course). Once again. Congratulations to all of you & gusto ko rin I-welcome ang mga bago nating manunulat. Mabuhay! Take care always & God Bless,

Josie, Amsterdam

I'm so proud to know you people who are behind V mag. It really can be compared to magazines that can be bought in the stands only its all about our favorite and mine...THE VILMA SANTOS-RECTO. Its so obvious to say that everyone is so inspired to write beautiful write up about Ate Vi. This issue is full of variety as well...from the regulars to poems to komiks o di ba...amazing! I really luv it. Once again my congratulations to everyone for a job well done. A gift from the Vilmanians to the Vilmanians. Just Moi,

Juls, Sweden

How to Reach us:
For submissions, comments, suggestions, past issues, or if you want to be included in our mailing list,
e-mail us: vilmasantosnewsletter@yahoo.ca



Thanks a million for the advanced copy of V Magazine, o di ba magazine na ang tawag ko hindi lang basta bastang newsletter kasi naman tipong magazine ang arrive ng work mo. Kitang kita ang pinaghirapan mo. CONGRATULATIONS and a big HUG to you and to all the contributing writers...saludo na talaga ako sa mga talents n'yo which unfortunately I don't have kaya Rendt sorry na kung di talaga ako maka-submit ng article kasi I'm worried na ihinto mo ang pag-release ng V sakaling mag-compose ako ng atricle sa sobrang walang saysay nito, hahaha...If ever magtangka akong magsulat dapat ngayon palang eh umpisahan ko na para last quarter issue, isa pang malakas na halakhak, hahaha as in lol....To all Vilmanians, enjoy the V, ang ganda talaga gaya ni Ate Vi. "Ang ganda talaga ng buhay kapag kasama ang mga VILMANIANS at ang sarap ng buhay kapag may VILMA SANTOS", naku mukhang familiar itong line na ito... pahirap lang po dahil tao lang po ako na nanghihiram isasauli din po sa may ari, hahahahaha... it's me:

Wonder SAM, Canada

Ano na namang pakana yang V Mag V Mag! Ginaya n'yo pa ang O Mag ni Oprah Winfrey! Wala talaga kayong originality! Mga Mangagaya!

Noel, Saudi Arabia

Sorry at masyado ng late ito pero nais kitang pasalamatan sa latest issue ng V Mag. You & those who contributed to make this possible deserve a BIG BEAR HUG from all of us. Ang gagaling n'yo. I really appreciate all your efforts, ang sarap nitong basahin. Looking forward to a special issue about Ate Vi's life in politics. Take care always my friend.

Irene, Canada

Correction: In our Featured Vilmanian, we indicated that Josie Cohen Eugenio has been living in Amsterdam for 15 years, it should be 22 years and that she's been a caregiver for 15 years. We regret the error.



THE
VILMA
MAGAZINE

Published quarterly by
Members of the four Vilma
Santos e-groups.

Editor

Rendt Viray

Columnists

Willie Fernandez

Franco Gabriel

Mar Garces

Charles Gomez

Father Juancho Gutierrez

Eddie Lozano

Eric Nadurata

Allan Trambulo

Contributing Writers:

Jen Aquino

Noel DeGuzman

Kristine Lomeda

Bobby Lopez

Alfonso Valencia

To meet the Vilmanians
around the globe, visit our
Yahoo E-groups:

VISION

Vilma Santos

VSR

Vilma Santos Canada

Pictures Courtesy of:

Liam Tayag

J u n e 2 0 0 7

FEATURES >>>

05 | ACCESS EVENTS | JOJO & CESAR'S B-DAY CELEBRATION

07 | ACCESS EVENTS | VILMA'S BAYI CITATIONS

08 | ACCESS EVENTS | "I ACCEPT THE CHALLENGE"

10 | ACCESS EVENTS | DAVAO CITY PRAYER RALLY

11 | ACCESS EVENTS | FILING OF CANDIDACY

14 | FEATURE STORY | 10 MOST INFLUENTIAL VILMANIANS

21 | COVER STORY | SWEET VICTORY


22 | COVER STORY | ALFONS VALENCIA'S THE ROAD TO VICTORY

33 | SPECIAL REPRINT | WHY VILMA SUCCEED...

39 | EXCLUSIVE | MAY BE THE PHILS.' FILM ACTRESS OF ALL TIME

44 | SPECIAL REPRINT | BOBBY LOPEZ' SOOPER VILMA! BOOM!

47 | SPECIAL REPRINT | THRILLA IN LIPA



DEPARTMENTS >>>

02 | E-MAILS | AROUND THE GLOBE

04 | EDITORIAL | RENDT VIRAY

16 - 17 | VITS AND PIECES | STAFF

18 | 5 QUESTIONS FOR 5 VILMANIANS | VILMANIANS

20 | ALAM MO BA | ALFONSO VALENCIA

30 | VISION GALLERY | ALAN TRAMBULO

31 | MINI SURVEY SUMMARY | NOEL DEGUZMAN

32 | HELLO GARCES | MAR GARCES

35 | BEYOND BUBLY BUNSO | KRISTINE LOMEDA

36 | LETS BE FRANC | FRANCO GABRIEL

43 | ART & POEMS | PEDRITO 'JUNE' DIJAN

48 | FLASHBACK MOVIE REVIEWS | FROM THE PRESS

50 | FEATURED VILMANIAN



{ editorial }

Rendt Viray



"Puso at Pag-asa ng Batangas"

Nakikinig ka ba? Sa bawat salita niya makikita mo ang determinasyon. Ang bawat pangungusap niya ay tumitino sa puso. Sa bawat pangungusap niya'y may kasunod na tanong, "di po ba?" at mabilis na sasangayon ka sa kanya. Ang sensiridad niya sa pagbitiw ng mga talumpati ay kitangkita. Mga salitang hindi mo makikita sa kanyang mga katungali. Hasang hasa na siya sa pagbitiw ng talumpati. Pinag-aralan man o biglaan naririyang ang koneksiyon niya sa mga tao. Mga botanteng hindi binayaran upang maghintay ng mga talumpati. Ang mga taong nakikinig sa kanya ay hindi mga bayaran. Kusang loob nilang tinitis ang init ng araw at ang kapal ng tao sa mga pagtitipon hanggang sa huling araw ng pagboto. Makikita rin ang katotohanang siya ay malinis kung lumaban. Hindi niya pinapatulan ang mga below the belt na paratang ng mga kalaban. Alam niya na ang mga tao'y matalino at nakikita ng mga ito ang kanyang ginawa sa bayan ng Lipa. Tunay na maliwanag pa sa sikat ng araw ang kanyang "record" bilang isang mayor. Kung kaya hindi na niya kailangan pang pintasan at gawing personalan ang kanyang mga talumpati. Malinis siyang lumaban kasama ang kanyang record bilang mayor. Siya nga ang tunay na "Puso at Pag-asa" ng Batangas. Sa bawat talumpati niya makikita kung bakit

siya ang puso at pagasa ng Batangas. Hanggang sa bandang huli ng pangangampanya bawat tao'y kanyang pinakikinggan. Panalo ka sa kanyang puso. Muli ang tanong namin ay kung nakikinig ka ba? Kung nakikinig ka makikita mo ang bagong gobernadora ng Batangas nagsasalita mula sa kaibuturan ng kanyang puso at sinasabi na hindi ito para sa kanya lamang. Ang panalo niya ay panalo ng lahat. Para sa pag-unlad at pagbabago ng Batangas. Ito ay laban ng lahat.

Para sa ating Victory issue, marami sa ating mga kapamilya ang nagsulat tungkol sa eleksiyon. Marami sa atin ang sumuporta ng husto sa kampanya ng ating reyna. Makikita sa ating mga artikulo ang 100 percent support nating lahat. Sana ay na-cover natin lahat ngunit limitado ang ating space. Kung kaya piling-pili lahat ng ating inilagay sa bawat pahina ng V Mag. Mula sa pictures hanggang sa front at back cover ay ating pinagisipang mabuti. Harinawa't magustuhan n'yo ang ating Victory isyu. O sige na... basa na... Babu!

Rendt Viray

Editor

Cesar And Jojo's Birthday Celebration

MARCH 17, 2007, Saturday - Nung Hello and Goodbye dinner namin with Dubai aka Charlz ay nag-announce si Jojo Lim na sa Villamar Beach Resort, Noveleta, Cavite niya gaganapin ang kanyang birthday celebration (actually kasabay niyang nagse-celebrate si Cesar Santiago ng kanyang birthday). Gusto kasi ni Jojo ay isang beach party (beach party daw o!) ang kanyang birthday celebration at ito ay overnight. In-invite din nya si Charlz, kaya lang sa araw na ito na ang balik ni Dubai sa Dubai kaya hindi na rin sya makaka-attend.so be it, di ba Nar? Eniwey, BON VOYAGE CHARLZ! Salamat sa dinner last Tuesday. Dapat may report ka din dito sa e-group pagdating mo ng Dubai, di ba Ed Lozano, Juls, Father J, Master Joey, Franco and Marilen? Sa Salon de Araneta ang meeting place ng ibang Vilmanians (yung iba naman ay sa Lawton na sumakay papuntang Villamar) at dalawang van at isang kotse ang sinakyan ng mga Vilmanians. Ala-una ang call time pero medyo na-late ang inyong lingkod dahil galing pa ako ng opisina. Sa kotse ni Jojo ay sakay si Panchang at Romy Francisco. Sa van naman ni Liam Tayag ay andun naman sina June Sison, Clarisse Pilande at Angie Serafines at sa sasakyan naman ni Jay Rifareal ay andun naman sina Ariel Cuison, Obet Sapin, Ramon at ang inyong lingkod. Dadaan daw muna kami sa bahay ni Nar Santander para kunin yung mga drinks (beer, softdrinks, atbp.). Nauna nang pumunta ang grupo nina Liam sa bahay nina Nar. Pagdating namin kina Nar ay nadatnan namin ang grupo nina Liam na kasamang kumakain ng pananghalian si Orly Malonzo (hi Orly, namis ka namin huh! promise!) kaya kumain na din kami. Adobong pusit ang ulam kaya sarap na sarap sa paglafang ang lahat. Pagkatapos kumain ay bumili naman kami ng pan de coco sa bakery ni Nar para baunin namin sa paglalakbay papuntang Villamar Beach Resort dahil medyo matagal at mahaba din ang biyahe papunta dun. Convoy ang tatlong sasakyan. Ay tunay sa sinabi ko.....sobrang traffic talaga....dahil paglabas pa lang ng Corregidor - Abad Santos Avenue hanggang Lawton ay inabot kami ng more than an hour....whew! Habang traffic naman ay namigay si Liam (ikaw nga ba, Liam?) ang namigay ng mga "fans" (isa sa mga campaign materials ni Senator Ralph Recto) sa mga street vendors na humihinto sa mga sasakyan ng grupo. Oo nga pala, yung mga sinasakyan namin ay tad-tad ng stickers ni Senator Ralph Recto, anong sey nyo mga Vilmanians? May dalawang cigarette vendors ang huminto sa sasakyan namin na >>>



may dala dalang "fan" ni Senator Ralph.....at tinanong ni Jay kung kilala nila si Senator Ralph....yes (terday) ang sagot nila.....kaya humirit si Jay na iboto si Senator Ralph this coming election. Ang sagot ba naman nung dalawang vendors..... .siyempre "Ate Vi". Dumating kami ng Villamar Beach Resort ng mga past 4pm. Nadatnan namin doon sina Ver Tolentino, Jean Dolor, Cora Pedro, Salome Moya, Zaldy Catli, Tessie Maximo at Ronnie Sarno. Tatlong malalaking cottages ang inarkila ni Jojo para matulugan ng mga Vilmanians. Pagkatapos na maayos ang mga dala dalang gamit ay agad na nagkodakan ang grupo. At habang nagkakabit ng malaking poster ni Senator Ralph sina jojo, Panchang at Romy sa dingding ng cottage ay dumating sina Van Manalo, Manny Nava at Ricki Abad.....na sinundan naman ng grupo nina Levie San Juan, Belen Solis, Nitz Tacoge, Ligaya Lim, Aling Gloria at ng iba pang miembro ng pamilya ni Levie. Sakay sila ng isang van. Around 7:30pm ay tumawag naman si Julie Haglund sa inyong lingkod para batiin si Jojo at Cesar sa kanilang kaarawan. Matagal din naming nakausap si Juls, na bukod sa inyong lingkod ay nakausap din nya sina Liam, Nar, Angie, Manny at Clarisse. Sina Cesar Santiago at Noel de Guzman. ay dumating na din. Buffet ang dinner at sobra sa dami ang mga pagkain katulad ng sinigang na baboy at menudo (courtesy of Ronnie), pork barbeque (courtesy of Nar), dinuguan, pansit bihon, pansit canton, lechon paksiw, inihaw na liempo, binagoongang baboy, chicken pork adobo at nilagang talong na may sawsawang bagoong. Wala ba kayong napuna halos puro "baboy" ang menu? Ang cholesterol sabi nga nila... hehehehe! At meron ding manggang hilaw, manggang hinog, saging na lakatan, cassava cake, singkamas at cake. Pagkatapos ng masaganang hapunan ay humirit sa kantahan ang mga videoke kings and queens na sina Orly, Cora, Ricki, Salome atbp. habang sina Jay, Liam, Cesar at si ako ay naglaro ng "cards". Palibhasa'y pagod ay maagang pumasok na kanyang room si Jojo, subali' t nang alas dose na ng hatinggabi (bale March 18, 2007 na yun) ay inasalto namin sya. May dala dalang isang cake si Manny na may nakatirik na malaking kandila at inawitan namin ang celebrant sa isang HAPPY BIRTHDAY. Paglabas ni Jojo ay hinipan nya ang kandila at sabay salpak naman ni Manny sa mukha ni Jojo ang cake....at doon na nagbatuhan ng cake ang grupo. Ang saya saya talaga! Ganyan ang pamilya VILMANIANS! Alas dos ng madaling araw nang naunang umalis sina Liam, June at Van habang alas kuwatro ng umaga naman ay kami naman nina Jay, Obet, Cora, Jean, Salome at Orly ang umuwi na papuntang Manila. Yung mga ibang naiwan ay mga alas otso na umalis ng Villamar Beach Resort. At yan ang masayang selebrasyon ng birthday ni Jojo at Cesar. Hanggang sa muli! Salamat po! - **Alfons Valencia**

Double bday celebration ang naganap kahapon hanggang kaninang umaga sa Villamar Resort, Noveleta, Cavite City, sabay kasing nag celebrate ng kanilang kaarawan sina Pres. Jojo Lim at Best Friend Cesar

Turn to page 8



Mayor Vi's BAYI CITATION

To honor the Women Suffragist Movement and celebrate women's participation in politics and governance, the Barangay Bayan Governance Consortium and the Institute of Politics and Governance (IPG) are honoring 10 women with the 2007 Bayani Citation. The Bayani Citation is conferred to great women who have gone beyond the suffragist movement to bring forth transformative power. The awarding ceremonies held at the Club Filipino yesterday. Leading the list of awardees was Mayor Vilma Santos-Recto, for her admirable effort to redefine herself from being a star for all seasons to a mayor for all seasons, performing exceptionally well in public administration and meritoriously in delivering education and health services. Congrats to Ate Vi who has given her diehard Vilmanians another reason to crow about and be proud of her. She's the only actress-turned-politician who was given this kind of honor and even her showbiz colleagues should be proud of her. - <http://abs-cbn-kapamilya-aficionado.blogspot.com/2007/04/vilma-santos-makes-local-movie-industry.html> >>>

"VILMA SANTOS MAKES LOCAL MOVIE INDUSTRY PROUD"



From page 7

Santiago, eto at tunguhan nyo ang akin kuwento kung ano-ano ang naganap sa nabanggit na double bday celebration. Araw ng Sabado, March 17, 2007, ng magpunta ang mga kapamilya Vilmanians sa Villamar Resort, Noveleta, Cavite City para eh celebrate nga ang kaarawan ng dalawa natin pinakamamahala na kapamilya, President Jojo Lim at Best Friend Cesar Santiago. Ganap na alas 5 ng hapon ng magkita kami ni Best Friend Cesar sa Shangrila Edsa, Plaza, sa kadahilanan kami'y may pasok, sumunod na lang kaming dalawa sa Villamar Resort mula sa aming mga opisina, around 7 pm ng kami'y dumating sa mismong lugar na nabanggit. Naabutan na namin doon ang atin pinakamamahala na Presidente, Mr. Jojo Lim, nandoon na rin sina Sec. June Sison, Chef Nar, Bro. Liam, Alfons, Jay, Obeth, Clarisse, Angie, Belen, Monique, Tita Nonett, Orly, Cora, Ver, Ricky, Van, Jean Vangie, Mitz, Levi, Zaldy, Salome, Romy, Mona, Panchang, at Tessie (ipagpaumanhin po ninyo kung mayroon man akong di nabanggit). Sabay-sabay kaming kumain ng hapunan nina Pres. Jojo Lim, Sec. June Sison, Best Friend Cesar, Nonette, Nitz at isa pang babaeng Vilmanian (pasensiya na kung di ko ma mention ang iyong pangalan), as usual napakarami at ang sasarap ng mga inihandang pagkain mula sa atin bday celebrant at sa ilan kapamilya Vilmanians, mayroon paksiw na lechon, sinigang na baboy (na iniluto ni Tita Ronett), inihaw na pork chop, b-b-que (courtesy of Chef Nar), menudo, chicken and pork adobo, dinuguan, talong with bagoong at siyempre di mawawala ang pansit bihon at miki, mayroon din mangga with bagoong alamang at kamatis, saging at sinkamas bilang panghimagang ng grupo. O ano ginutom na naman kayo noh! Siyempre pa, di makukumpleto ang gabi kung walang videoke, sa unang bahagi nagsipag kanta ang atin Videoke King, Orly at Cora kasama ang ilan natin kapamilya na sina Zaldy, Salome, Ver, Jean, Levi at iba pa at sa pangalawang bahagi naman ay nagsipagkanta sina Pres. Jojo at ang atin Videoke Queen, Ricky Abad, habang ang inyong lingkod ang taga sayaw, kung may kantang ugma dito. Nag-sipag kanta rin ang ilan panauhin ni Pres. Jojo Lim at nagkaroon din ng konting inuman. Halos mag umaga na ng kami'y natulog habang ang iba natin mga kapamilya ay nauna ng umuwi, tulad nila Sec. June Sison at Van na sumabay kay Bro. Liam, ganoon din sina Alfons at Obeth na sumabay naman kay Jay. Around 6 ng umaga, ng kami'y magising, agad kaming pumunta sa dagat para maligo kasama sina Best Friend Cesar, Ver, Nitz at Levi. Tumawag nga pala si kapatid Rosing (Ronald), na isa rin Vilmanian mula sa Dubai para batiin sina Jojo at Cesar. Around 8:30 na ng umaga nang amin lisanin ang Villamar Resort. Isa na naman napaka memorable at napakasayang pag-titipon tipon ang naganap kasama ang atin mga minamahala na kapamilya Vilmanians, muli ang akin pagbati kina Pres. Jojo Lim at Best Friend Cesar ng MALI-GAYANG KAARAWAN, Maraming salamat at Mabuhay Kayong Dalawa! We love U! - **Noel DeGuzman**

{ access events }

Text by Alfonso Valencia

"I ACCEPT THE CHALLENGE"

MARCH 12, 2007, Monday, 3pm., Lipa City - Bago pa man mag-alas tres ng hapon ay punong puno na ng tao ang Lipa Cultural Center located sa Granja, Lipa City (andito din ang kanilang sports complex). Ito kasi ang araw nang proclamation ni MAYOR VILMA SANTOS-RECTO para tumakbong gobernador ng lalawigan ng Batangas. May konting programa at andun sina Vice President Noli de Castro, Senator Ralph Recto (but of course), Senator Joker Arroyo, Nani Perez at Edwin Ermita (sey nyo! matataas an tao ini!). Nagbahagi ng mga lupa si Mayor Vi sa dalawang barangay ng Lipa City, ang Barangay Bugtong at Mataas na Lupa. Isang libo't limang daan at dalawampung pamilya (1,520 families) na nakatira sa malapit sa riles ng tren ang nabiyayaan ng lupa o equivalent sa apat na daan at pitumpung titulo (470 land titles) at si Mayor Vi ang nag-initiate nito through Vice President Noli de Castro. Nang magsalita na si Mayor Vi ay ito ang sinabi niya: "I ACCEPT THE CHALLENGE, TATAKBO AKONG GOBERNADOR NG LALAWIGAN NG BATANGAS". Ang buong proceedings ay narinig sa DZMM at ang report ng inyong lingkod ay base sa text messages ni Jean Dolor, isang loyal Vilmanian. Mamaya naman sa TV Patrol ay may "live interview" kay Mayor Vi sa LPL Residence nila. Yun lang! Salamat po!

Sa proclamation rally nang pagtakbo bilang gobernador ng lalawigan ng Batangas ni Mayor Vi, nabanggit niya sa harap ng libu-libong nanood sa Lipa Cultural Center na "hindi siya nag-back out, nag-give way lang". Hindi scripted ang kanyang mga sinasabi. Ito ay galing sa kanyang puso. Kung anu-ano na raw ang nasusulat pero nanahimik sya. Walang nag-manipulate sa kanya at lahat ay desisyon nya. Walang pwedeng magdikta sa kanya. May nagsabi pa raw sa kanya na kapag hindi pinakinggan ang boses ng tao, after three years, hindi na ito mangyayari. So, I accept the challenge, tatakbo ang tao.....ito ang mariing sinabi ni Mayor Vi. Sigawan at palakpakan ang mga tao. Sinabi pa ni Mayor Vi na walang kandidatong makapagsasabi na siya ang magaling at makapangyarihan. Basta ako, gagawin ko ang aking makakaya pero hindi ko maipapangako ang heaven and

>>>

earth. Nagpasalamat naman si Mayor Vi kay Senator Ralph dahil sa pagtatanggol sa kanya. Kung win ako, salamat sa inyong lahat....kung talo, may meaning na si GOD. May isang mayor na nagsalita na kaya gusto niya si Mayor Vi dahil sa ito ay malinis manungkulan at walang "graft and corruption". Maigsi lang ang speech ni Senator Joker Arroyo. Sinabi ni Senator Arroyo na nung magkakasama sila nina Senators Ralph Recto, Manny Villar at Francis Pangilinan ay tinanong daw niya ni Senator Ralph kung sino ang mas popular sa kanila ni Mayor Vi.....ang sagot daw ni Senator Ralph ay....ahead ako a little bit. Sabi ni Senator Arroyo, sa nakita ko ngayon, wrong si Senator Ralph dahil mas popular si Mayor Vi. Ito ang mga text messages ni JEAN DOLOR. Thank you Jean! Sa interview naman ng DZMM kay Vice Governor Ricky Recto kanina ay parang maamong tupa at gusto nang magparaya. In fairness kay Subas Herrero look-alike, pinupuri na nya si Mayor Vi. Record breaking, super blockbuster, megahit ang proclamation rally ni Mayor Vi sa Lipa City. Grabe talaga ang charisma mi Mayor Vi. Parang VILMA SANTOS for PRESIDENT in 2010! Ito naman ang mga text messages ni JAY RIFAREAL. Thank you Jay! Sa interview naman kay Batangas Governor Armand Sanchez..... si Mayor Vi daw ay matagal mag-make up bago makalabas para asikasuhin ang mga tao sa Lipa City Hall. Sikat lang daw na artista. Puro hakot lang daw ang nangyari last Monday, March 12, 2007 at kanina sa mga tao kaya marami. Kunin na lang daw niya si YKW para marami silang fans. Ito naman ang text message ni RONI GAN of Gawad Suri, University of Mindanao. Thank you, Roni! Well, ang masasabi ko lang ay ito....ilang beses na din kaming pumupunta ng Lipa City at nakita naming pag nasa mayor's office si Mayor Vi ay bising bisi sya sa mga meetings sa mga tao at sa kanyang mga staff especially tuwing araw ng Monday....at napakasimple lang ang kanyang kasuotan.... walang make-up at ibang burloloy sa katawan. At tungkol dun sa pagkuha kay YKW.....hindi na kailangan ng suporta..... dahil sabi nga ng mga religious groups.....magpareh istro lang kahit hindi na siya mangampanya, matuk! O laban ka pa ba, Governor Sanchez? How pathetic! Yun na! So yan lang po at am sure napanood nyo sa TV Patrol, 24 Oras at Bandila ang iba pang interview kay Mayor Vi. Mabuhay ang future governor ng lalawigan ng Batangas, MAYOR VILMA SANTOS-RECTO! Mabuhay ang mga VILMANIANS! - **Alfonso Valencia**



{ access events }

Pics by Willie Fernandez



Davao City Prayer Rally

Nag txt sa akin si Kapatid Willie Fernandez kagabi around 8:20 pm para ibalita na successful ang prayer rally ng mga Vilmanians na ginanap kahapon sa Davao City, siya kasi ang nag-organized ng rally na ito para sa atin pinakamamahal na Mayor Vilma Santos at siyempre para na rin sa kandidatura ni Sen. Ralph Recto. Around 160 Vilmanians at supporters nila Mayor Vi at Sen. Ralph Recto ang dumating sa nabanggit na prayer rally, nagkaroon ng candle lighting, may gitara at kantahan spiritual songs , may mga dala rin placards at streamers ang atin mga kapamilya doon . Nagkaroon din ng distribution ng tshirts na may kulay dilaw at puti, fan at cap na mula sa Head Team ni Sen. Ralph Recto, of course si Willie ang nag distribute nito sa atin mga kapamilya. Ayon kay Willie, may mga taga GMA 7 na pumunta doon para eh coverage ang nasa-bing prayer rally pero wala daw na interview sa kanila eto pa ang kanyang sinabi sa txt niya kagabi sa akin "it was a special mass, kasabay namin ang rally ng opposition pero mas bongga



kami". Sa iyo Kapatid Willie Fernandez, ang aking lubos na pasasalamat para maihatid natin ang balitang ito dito sa egroups. - **Noel DeGuzman**

Mayor Vi's Filing of Candidacy

March 28, 2007, Wednesday - Nabanggit ni Jojo Lim nung Mach 23, 2007, Friday sa 11th Global Conference ng mga Vilmanians na pupunta kami sa Batangas City para suportahan ang filing ng "certificate of candidacy" (COC) ni Mayor Vi. Alas singko ang call time ngayong araw na ito dahil may misa daw muna sa Lipa City Hall bago pumunta ng Batangas City kaya maaga pa lang ay gising na ang inyong lingkod at si Ted Colegio (Vilmanian din si Ted na kasama ko sa bahay) para magpunta sa tagpuan namin nina Eric Nadurata at June Sison sa Mc Donald's Ortigas Branch fronting Meralco Building, Pasig City kung saan doon kami susunduin ng 25-seater aircon jeep na manggagaling sa Broadway Centrum. Alas sais ng umaga nang dumating ang sasakyan na sakay na sina Jojo Lim, Nar Santander, Ariel Cuison, Angie Serafines, Lumeng Siquinio, Cora Pedro, Ver Tolentino, Eddie Alejandro, Belen Solis, Levie San Juan, Ronnie Sarno at Lily Leyba. Si Liam Tayag naman ay sinundo sa may Valle Verde, samantalang si Clarisse Pilande ay sa Market Market Taguig City at si Kristine Lomeda ay sa Metropolis, Muntinlupa City. As usual, biruan na naman ang nangyari habang nagbibiyaha kami at talagang napuno ng ingay ang buong sasakyan (what do you expect naman eh andun si duchess...joke lang Liam) at ang naging man of the hour ay si Nar, ang 2007 VSSI gracious host awardee..... hehehe... ..dahil sya ang tampulan ng mga biruan nina Jojo at June. Alas otso ng umaga kami dumating ng Lipa City, medyo matrapik na at dumeretso na kami sa City Hall dahil doon gaganapin ang misa. Doon ay nadatnan namin na may tolda ang harap ng City Hall at napakaraming tao ang naghihintay sa pag-uumpisa ng misa. May napansin akong bagong gawang fountain sa harap ng City Hall. Ang slogan ngayon sa Batangas ay "VILMASANTOS- RECTO: PUSO AT PAG-ASA NG BATANGAS" o sa English ay "VILMA SANTOS-RECTO: HEART AND HOPE OF BATANGAS". May nagbiro naman ng aba...dapat invite natin sina Heart Evangelista at Hope Centeno (yung na-link kay James Yap) para sa kampanya.... .joke.... joke....joke.!!! Alas nueve na nagsimula ang misa at makikita sa unahan sina City Administrator June Dijan, Mayor Vi, Edwin Ermita, Ate Emilyn atbp. Andun naman sa likod nila sina Mama Milagros Santos, Dra. Ellen Villanueva at mga staff ni Mayor Vi. Ang nag-officiate ng misa ay sina Fathers Eric and Dexter. Namataan ko rin sina Karen Martinez, ang ina ni RJ Martinez (ng Star Circle Quest Batch 1) at ang mga writers na sina Jimi Escala, Roland Lerum, Len Llanes, Melchor Bautista, Julie Bonifacio, Virgie Balatico at marami pang ibang reporter mula sa iba't ibang broadsheets at tabloids. May mga major networks din ang nagco-coverage ng affair katulad ng ABS CBN 2, GMA 7, ANC at ABC 5. Sa offertory ay sina Edwin Ermita, City Administrator June Dijan at Mayor Vi ang mga naatasang mag-offer. Bago matapos ang misa ay nagsalita si Mayor Vi.....at pagkatapos ng misa ay nagkaroon ng interview sa mayor's office. Nakita namin si Vice Governor Ricky Recto at Senator Ralph Recto. Nag-beso beso sina Mayor Vi at Vice



Governor Recto. Habang may interbyuhan sa mayor's office ay nagyaya na sina Dra. Ellen Villanueva para convoy papuntang >>>

Batangas City. Whewww! Grabe ang naranasan naming traffic papuntang kapitolyo sa Batangas City. Naunahan pa kami ng mga grupo ni Mayor Vi na nakasakay sa isang malaking bus at nang makarating na kami ng kapitolyo ay natapos na ang pagpaparehistro ng filing of certificate of candidacy ni Mayor Vi para gobernador. Eniwey nakita naman kami nina Mayor Vi, Senator Ralph at Vice Governor Ricky Recto. Sa Batangas naman ay nandun sina Manny Nava, Jean Dolor at Sol Nueve. Sa itaas ng langit ay merong dalawang saranggola na may nakalagay na pangalang Arman at may narinig kaming nagsalita ng..... "uy si Sanchez lumipad na!"....hehehe!! In fairness, maganda ang kapitolyo ng Batangas, sa harap ay may fountain din at ito daw ay napaganda nung panahon ni Governor Mandanas, ang pinalitan (dahil tapos na din ang term ni Governor Mandanas) ni Governor Sanchez. Sinabi ni Senator Ralph na sumunod na lang kami sa Mount Malarayat Golf & Country Club para sa lunch at press conference. Sa Mount Malarayat na kami kumain ng lunch....pack of lunch ang mga ibinigay sa amin at matapos naming kumain ay pumunta na kami sa press conference at nakinig ng mga tanong ng mga reporters mula sa iba't ibang broadsheets at tabloids.... at ganundin ang mga sagot nina Mayor Vi, Senator Ralph, Vice-Governor Ricky, Edwin Ermita at yung isang board member ng Batangas. Sabi ni Mayor Vi, hindi sila magsasalita ng negative comments sa kanilang mga katunggali manapa'y ilalahad nila ang kanilang mga plataporma de gobyerno kagaya ng wealth, health, education, tourism, peace and order, foreign investors to create more jobs. Sinabi din nya na ang priorities nya ay ganun pa rin: family, politics and showbiz. Hindi daw sya apektado ng mga negative comments ng mga kalaban dahil siguro naman eh may napatunayan siya sa loob ng siyam na taong panunungkulan sa Lipa City. Sa Lipa City daw ay may ordinansa na ang amusement tax para sa mga pelikulang tagalog (lang) ay from 30% to 15%. Sinabi naman ni Edwin Ermita na dahil sa sya ay banker (I think sa RCBC at hindi pa daw sya nagre-resign dahil baka wala na daw syang balikan kung sakaling hindi sya swertehen) at may mga investors na gustong pumasok pero "on hold" pa raw ang mga ito kaya tutulong sya para magkaroon ng maraming trabaho sa lalawigan ng Batangas. Sinabi pa rin nya na kung sakaling mahahalal si Mayor Vi bilang gobernador, si Senator Ralph bilang senador ulit, Vice Governor Ricky bilang Congressman at sya bilang bise-gobernador ay magkakaroon ng teamwork kasi ang tatay nya na si Secretary Eduardo Ermita ay nasa Malakanyang, si Senator Ralph ay sa senado, si Vice-Governor Ricky sa congress, si Mayor Vi bilang gobernador at sya bilang bise-gobernador at para daw itong gripo na dere-deretso ang pagtulo ng tubig. Si Vice-Governor Ricky naman ay nagsabing may pumipigil sa kanya para maging acting governor ng Batangas province at in fairness talagang "close na close" na sila nina Mayor Vi at Senator Ralph. All's well that ends well. Sabi nga ni Mayor Vi.....answered prayers daw ang nangyari. Si Senator Ralph naman nang aming makausap ay nagsabing... ..sa palengke ba , may E-



vat?.....wala!sa mga dyip o bus ba, may E-vat?wala! sa pagkain ba sa mga palengke at turo-turo , may E-vat?.....wala! Ang E-vat ay para sa mga mayayaman lang. Tingnan nyo naman.....dahil sa E-vat, tumataas ang value ng piso natin at bumaba ang ating utang at interest rate sa mga utang natin. Bravo!!! Pinalakpakan ang mga Vilmanians. After nang press >>>

conference ay dinumog ng mga Vilmanians si Mayor Vi at nagpakuha ng pictures. Tinanong ni Liam si Mayor Vi na kung sakaling maging governor na sya ay baka madalang na syang makita ng mga Vilmanians. Sinagot naman sya ni Mayor Vi na ganun pa rin daw.....dahil meron syang magiging office sa baw't district ng lalawigan ng Batangas at wala daw magbago. Nabanggit naman ni Jojo na nagkaroon ng global conference ang mga Vilmanians here and abroad at may proposal sina Franco at Jeannie na magpagawa ng t-shirts na may picture si Mayor Vi sa harap at Senator Ralph sa likod bilang pagsuporta sa kanilang mag-asawa para ipamahagi sa mga tao sa mga campaign nila. Napapalakpak si Mayor Vi. Tuwang-tuwa talaga sya. May nag-interview kay Mayor Vi na taga Philippine Daily Inquirer about her Vilmanians at sinabi niyang andyan palagi ang mga Vilmanians sa kanyang tabi para suportahan sya sa kanyang mga projects sa Lipa City. Si Jojo ay in-interview din ng reporter na ito (lalabas yata bukas sa Philippine Daily Inquirer) at bilib na bilib sya sa ating mga Vilmanians dahil up to now daw ay suportado pa rin natin si Mayor Vi pati na din si Senator Ralph. Ibinulong ko naman kay Mayor Vi ang pangungumusta sa kanya ng mga taga e-groups (hindi ko na babanggiting isa-isa) especially yung mga nasa abroad. Sinabi nya sa inyong lingkod na iparating ko daw sa inyong suporta at panalangin para sa kanya. Nabanggit ko din kay Mayor Vi na kasama namin si Board Member Mark Leviste nung prayer rally namin sa Baclaran at ngayon ay bise-gobernador na ni Governor Sanchez..... at sinabi nyang nag-tetext nga ito sa kanya at talaga daw ganun minsan pero after the campaign and election.... magkakaibigan na ulit sila. Nung isang araw daw ay nakausap nya si Boyet de Leon pero hindi pa daw ito decided kung tatakbo o hindi. Nagpakuha naman ang mga Vilmanians kay Vice-Governor Ricky Recto at nabanggit nya na Subas Herrero look-alike daw sya. Nagpaalam na kami kay Mayor Vi at Senator Ralph at sinabi ni Mayor Vi na wag intindihin ang mga negative comments sa kanya at suportahan na lang si Senator Ralph at siya. Yung lang po! Maraming salamat!!!



10 Most Influential Vilmanians

Ayon kay Lolita Solis nakikialam na raw sa politika ang mga Vilmanians. Dahil marahil sa visibility ng mga Vilmanians sa print o actual events related man ito kay Ate Vi o hindi. Hindi nga ba't imbitado lagi ang mga Vilmanians sa mga premiere nights ng mga movies tulad ng "Cute ang Ina Mo" or "D'Lucky Ones." Kahit hindi naman bida si Ate Vi sa mga movie na iyan. Importante kase kapag na-involve ang mga Vilmanians. Suportado ng lahat at tiyak na parang mga langgam sa pagsuporta ng kahit na anong proyekto. Kungbaga aksiyon agad at hindi lang puro salita ang mga Vilmanians. Sa loob ng ilang taon na nakilala ko ang mga Vilmanians merong mga tao na nakikita natin ang kaibang hikayat sa ating pag-iisip at mga gawi. Sila iyong minsan lang magsalita pero tumatagos at nagbubunga ng resulta. Sila ang naka-kaimpluwensiya sa ating kaisipan at mga gawi bilang Vilmanian. Ito marahil ang naging dahilan kung bakit nagiging militante ang mga Vilmanians at nakikita tayo hindi lamang bilang fans club kundi isang organisasyon na may halaga. Kaya marahil kahit ang ilang bahagi ng industriya ng pelikula tulad ng mga producer katulad ng Star Cinema ay iniimbitahan ang mga Vilmanians sa kanilang mga events dahil sa kapag sinuportahan ng mga Vilmanians ang kanilang mga pelikulat tiyak na patok ito. Ngunit paano tayo naging ganito? Ito ay dahil sa mangilan ngilang tao na namuno sa atin bilang isang mahusay na organisasyon.



1. Jojo Lim - "El Presidente" - Bawat organisasyon ay kailangan mayroong namumuno na matapang at may pag-iisip na maunlad. Kung wala nito'y hindi magtatagal ang anumang organisasyon. Siya ang ating lider. Isang arkitekto sa kanyang pribadong buhay pero siya ang ating "El Presidente." Bawat salita niya'y pinagiisipan ng husto kung kaya minsan lang natin siyang nariringingan ng mensahe sa ating e-groups pero kapag nagsalita na siya ay parang batas. Katulad nang merong mga pasulpot sulpot na mensahe mula sa kabila. Sinabihan niya ang lahat na i-ignore natin sila at titigil rin ang mga nakikisawsaw sa ating e-groups. Sa kanyang pamumuno naging kakaibang organisasyon ang ating nasimulang fans club. Hindi na nga fans club ang ating grupo. Nariyan ang ating pagka-involve sa mga kawanggawa ni Ate Vi. Natikman natin ang tumulong sa mga bata sa pamamagitan ng pagbibigay natin ng

mga libro at kung ano ano pa nuong kapaskuhan. Naging involve tayo sa iba't ibang proyekto ni Ate Vi tulad ng Munting Ngiti. At ngayon nga'y sa pangangampanya niya bilang gobernador. Sa pamumuno niya naging malinaw ang kinakaharap ng ating organisasyon. Tayo'y hindi na isang fans club. Isang lehitimong organisasyon na may kinakaharap na pakay, na may hatak sa madla, na kinikilala sa industriya. Sa pamumuno niya makikita na hanggang ngayong nanatili tayong aktibo. Hindi na tayo ang dati-rati'y nai-involve lamang sa awayan ng mga fans nina Ate Vi at ng sa kabila kundi'y nilisan na natin ang pagiging fans club at naging lihitimong organisasyon na tumutulong sa mga proyektong kawanggawa ni Ate Vi.



2. Father Juancho Gutierrez - "The Priest"

Isang biyaya ang pagsama sa ating ng isang parish priest. Lagi tayong nasa kanyang mga dasal. Ito marahilang ang isa sa mga dahilan kung bakit pinagpapala ang ating organisasyon at si Ate Vi. Ang mga salita niya ay ang laging pagrespeto sa bawat isa. Madalas siyang nagpapadala nga magagandang kasabihan ("key note of the week" ang tawag niya rito) upang gabayan tayo sa ating pangaraw-araw na buhay. Sa kanyang mga salita makikita ang pagaaruga sa kanyang mga kapamilya, ang mga Vilmanians. Pinakikinggan natin siya sa kanyang mga salita dahil sa kanyang pagpapahalaga sa bawat opinion. Kungbaga sa kanya natin nakikita ang liwanag.



3. Eric Nadurata - "Kuya Ng Lahat" -

Sa pamamagitan ng kanyang unofficial web-site, nakukuha natin ang mga impormasyon tungkol kay Ate Vi. Isang malaking ambag ito para sa mga Vilmanians lalo na yung mga wala sa ating

bansa. Sa bawat lumang artikulo ay metikuloso niyang ni-research. Bawat larawan ni Ate Vi ay kanyang inisa-isang nilagay sa kanyang web-site upang magpaligaya sa ating mga Vilmanians. Sa maraming proyekto na kanyang nai-ambag, kulang ang espasyo na ating munting V Mag. Ang higit sa lahat, naruruon siya kapag mayroong nangangailangang Vilmanians kaya siya ang ating kuya. Tulad ng ating presidente, ang kanyang mga mensahe ay may halong pagpapahalaga sa mga Vilmanians.



4. Alan Trambulo - "The New Yorker" -

Direkta ang kanyang koneksiyon kay Ate Vi kung kaya naman bawat mensahe sa e-group tungkol kay Ate Vi ay reliable at "fresh na fresh" parang hot pandesal sa umaga. Katulad ng tatlong nauna ang bawat salita niya ay may

encouragement sa lahat. Kapag may naliligaw na tagahanga ng sa kabila instead na I-malign niya eh pilit niyang sinasabing i-ignore natin na lamang. Nang bumisita si Ate Vi sa New York, isa si Alan ang unang umasikaso sa kanya kasama ng direct update at mga picture niya sa atin. Bukod sa fresh news eh si Alan rin ang owner at moderator ng Vision. Kung baga sa pinakahitik sa picture itong e-groups na ito ang pinaka-first sa mga news at pinaka-high tech sa animation. Hindi nangangahulugan na dahil siya ay isang New Yorker eh supladito na ang ating si Alan, mapagkumbaba po siya. Laging very welcoming sa mga baguhan sa Vision site.

4. Alfonso Valencia - "The Recorder" - Sa kanyang mundo numero uno si Ate Vi kung kaya naman full-pledge ang kanyang dedication when it comes to covering ng mga events sa buhay ng ating reyna. Nariyan ang mga awards ceremonies at sunod sunod na campaign sorties na full detail niyang nire-report sa ating mga e-groups. Bukod sa direct news na nakukuha natin sa kanya ang

monthly "Alam N'yo Ba" ay isang kapanapanabik na tradition sa mga e-group members. Punom-puno ito ng trivia information about Ate Vi at maging mga ibang artista na somehow ay naging connected sa ating reyna. Sa ating nakagawiang global conference makikita ang very caring attitude ni Alfons. Hindi katakataka dahil sa mga bawat salita niya tayo'y nakikinig dahil isa siya sa ating pinaniniwalaan when it comes to up to the minute news and articles.

5. Liam Tayag - "The Photographer" - Duches ang tawag sa kanya ng marami. Marahil dahil sa hilig niya ng magagandang bagay. Kilala sa kanyang hobby na maglaro ng madjong, si Kuya Liam ay isa sa mga taong kapag nag-post na ng mensahe sa ating e-groups ay very reliable at in detail rin sa mga informations. Bukod rito with matching pa ng kanyang mga pictures. Kung kaya naman isang malaking tulong sa mga Vilmanians na nasa labas ng bansa ang kanyang ambag. Ito ay ang photos site niya sa internet. Rito makikita ang mga importanteng events na dinaluhan ng mga Vilmanians.

6/7. Jeannie Wong/ Noel De Guzman - "The News Reporters" - The Dynamic Duo. Si Jeannie Wong ay nasa labas ng ating bansa ngunit hindi ito nangangahulugan na matitigil siya sa pagreresearch ng mga up to the minute news about Ate Vi. Ang dedication niya ay walang kapantay. Minsan nauuna pa siyang nagrereport tungkol kay Ate Vi kaysa mga news shows sa television. Bukod rito marami rin siyang koneksiyon sa media. Dahil marahil sa sunod sunod niyang pagpapadala ng mga sulat in full support of Ate Vi mapa-tungkol sa sinabi ng ibang artista, tungkol sa kanyang kampanya o maging ang mga sagot sa tuligsa ng iba. Siya si Jeannie Wong ang combative reporter ng grupo. Kung very active si Jeannie sa pagrereport ng mga online news eh may katapat naman siya sa pagrereport ng mga fresh from the tabloid, iyan naman si Kuya Noel De Guzman. Anak ni nanay Glo at tatay Gil, si Kuya Noel ay walang sawang magtype ng mga artikulo hango sa mga babasahin sa Pilipinas. Direct at fresh na fresh parang hot pandesal sa umaga! At bukod rito'y binibigyan niya tayo ng mga "something to think about" sa kanyang almost weekly mini-survey. Ito ay iyong mga topic na ating sinusuri sa pamamagitan ng pagbibigay natin ng sariling mga opinion. From Luis birthday wishes to Ate Vi's campaign nakakapagbigay tayo ng ating "two cents" sa kanyang survey na kanyang sinasammarize sa ating V Mag! Si Jeannie at Noel ay ang ating source sa mga balitang Vilma ngunit kapag may sigalot tulad ng mga panggugulo ng mga tagakabilang kampo ay sila rin ang unang tagapagtanggol ng mga Vilmanian lalo na iyong mga nasa labas ng ating bansa.

>>> Turn to page 46

{ VITS }

Next to Kris Aquino

Vilma Santos is second to Kris Aquino according to Pinoy Celebopedia Pop web-site as the ones who were said to be the most talked-about, most visible, most outstanding, most popular for the month of March, 2007.

January 11, 1964

Date of birth of
Senator Ralph Recto

Masters Degree

Senator Ralph Recto's education consisted of Masters Degree in Public Administration from the University of the Philippines and a BS Business Administration from De La Salle University.

Accident

Vilma Santos said she accidentally kissed her brother-in law during an impromptu meeting at the office of the Commission on Elections (Comelec), when they filed their certificates of candidacies for the May 14 elections.

Both

Lipa City Mayor Vilma Santos is the official gubernatorial candidate in vote-rich Batangas of both the ruling party Lakas-Christian Muslim Democrats and the Kabalikat ng Malayang Pilipino (Kampi).

Kuya Germs



"Pero para sa akin, darating din ang araw na magkakaroon ng panahon si Mayor Vi. Naging very busy lamang siya. Naniniwala pa rin ako na minsan mapapasyalan niya 'yong Walk of Fame sa Eastwood City at 'yong bagong Paradise of the Stars sa Mowelfund." German Moreno said about Vilma Santos' absence during the Walk of Fame ceremony.

"Nice words for Vilma"



MASAYANG kausap ang King of Comedy na si Dolphy. Paminsan-minsan lang talaga naming nakaka-enkuwentro ang mga gaya niya, pero sulit na sulit naman kung magbigay siya ng oras sa mga gaya namin. At dahil mainit ang mga isyu sa pulitika, isa yun sa mga napag-usapan namin. Bilib na bilib si Mang Dolphy kay Mayor Vilma Santos dahil sa pagpapakita nito ng tapang at sinseridad sa gitna ng mga batikos at labanan sa pulitika. Nagpahayag din siya ng pagbibigay ng suporta dito kung sakaling hihingin ng aktres dahil bukod sa may maganda silag pinagsamahan, sobra sobrang respeto ang nais niyang ibalik kay Ate Vi na isang buhay na patunay diumano ng isang magaling na artista na nagsasakripisyo para magsilbi sa mas maraming mga tao. "Kung naging bata-bata lang ako, at medyo malakas-lakas pa at naging linya ko iyan, marahil ay nanaisin ko ang magsilbi rin sa ating mga kababayan," dagdag pang pahayag ni

Mang Dolphy. Puso daw ang pinagmumulan ng isang tapat na paglilingkod at sa pagkakakilala niya kay Mayor Vi sa halos buong buhay nito sa showbiz, walang dudang punumpuno ng magandang kalooban ang aktres. "Sa pagtataas niya ng antas at respeto sa hanay ng artista, kulang ang mga salita para sabihing isang mahusay at mabuting lider si Vi," tsika pa nito. - **Ambet Nabus Taliba 03/15/07**

"One Term as Governor"

MANILA, Philippines -- "One term" would be enough for Lipa City Mayor Vilma Santos Recto as Batangas governor. This was revealed on Thursday by her husband, re-electionist Senator Ralph Recto, who strongly believed that Santos would give in to the clamor of Batangas officials, citizens and religious leaders to take over the provincial capitol. "I don't even expect her to be governor for nine years. Age is catching up with her. One term is enough and that will be her encore," said Recto in an interview with the Philippine Daily Inquirer during a break of a TEAM Unity sortie in Tarlac province. Santos said she would make her decision on whether to run for Batangas governor on Monday following a strong clamor from Batangas mayors and Lipa Archbishop Ramon Arguelles. She had initially announced that she was backing out to avoid a Recto family feud as the senator's brother, incumbent Batangas Vice Governor Ricky Recto, was also eyeing the same post. Senator Recto said he had never seen "confluence of support as broad as the one asking Vilma to run." "It's unbelievable, she must have made a lasting impression in her nine-year stint as Lipa City Mayor that we are getting calls for her to run from people from all walks of life, from the lowly vendor to big businessmen and from a number of religious groups like Iglesia Ni Kristo," said Recto. Recto said he was so proud of his wife that he did not mind people voting for him because they knew him as 'Mr. Vilma Santos' even after serving six years in the Senate. "What I do mind is being called a Noranian," Recto said in jest. - **Gil C. Cabacungan Jr. Inquirer 03/08/2007**

"Untarnished public servant"

For Tagalog Ilang-Ilang Pictures alone, Atty. Experidion Laxa thinks VILMA SANTOS, celebrated actress and untarnished public servant, has done 33 movies. That was from the mid-'60s to the early '90s (when Santos did *Ibigay Mo Sa Akin Ang Bukas* with Gabby Concepcion). One should take into consideration that it was a different time; a movie ticket was pegged at P2, a film outfit's annual output averaged anywhere from 25 to 30 films, the showbiz firmament was not overpopulated and piracy was not causing movie people terrible headaches. Even then, VILMA already impressed Atty. Laxa with her professionalism, discipline, and concern for the people she works for and works with. "Napaka-hardworking. Kahit magdamag mong i-shoot, walang reklamo. She was so young then and yet kaya niyang magtrabaho nang ganun katindi. Concerned siya sa interest ng mga producers niya. Hindi yung tipong magpapa-postpone kaya hahaba yung period of shooting." Along with the prodigious acting gifts, it helps immeasurably that VILMA is a genuinely charming and utterly likeable person. "Consistent ang kanyang pagiging sincere. Yung ugali niya hindi pakitang tao." Fame also never overwhelmed VILMA. "Kahit nung sikat na sikat na siya, hindi lumaki ang ulo niya. Kahit nung naging mayor na siya." Humility, that omnipresent smile, the sunny disposition even amidst adversities. Fans, peers, family, even VILMA SANTOS converts, have different reasons to offer why VILMA SANTOS, at 53, is the country's longest-reigning superstar who to this day, commands a 5-million-peso (per film assignment) rate, has a slew of endorsements and is accorded with utmost respect by everyone whose life she has touched. "Yung kanyang mga tagahanga and even those na hindi talaga tagahanga ng local films, nire respeto siya. Kaya nga siya nanalo as Mayor of Lipa for 3 consecutive terms," Atty. Laxa points out. - **Arnel Ramos, STARSTUDIO MAG - April 2007 issue (7th Anniversary Special)**



"T-Bird at Ako"



Sinong mas magaling ang arte sa "T-Bird at Ako"- si Nora o si Vilma? Sagot : lumalabas na mas magaling si Vilma-dahil mas madali at bagay sa kanya ang role niya. Kung ikukumpara ang acting ni Nora bilang abugada sa akting ni Tommy bilang abugado, kapos ang projection ni Nora lalung-lalo na dun sa nag-iisang court scene nila ni Tommy. Hindi nga namin maintindihan kung bakit nag-i-ingles sa korte si Tommy at nagta-tagalog naman si Nora samantalang sa isa pang court scene na ang kalaban niyang abugado ay si Johnny Wilson, pa ingles-ingles pa si Nora. Hindi naman ipinakita sa anumang ba-

hagi ng pelikula na sa husay nga ni Nora sa pagdidebate sa Tagalog nakapundar ang reputasyon nya bilang magaling na abugada. Maraming eksena sina Nora at Tommy rito. Hindi naman masasabing inilampaso ni Tommy si Nora, pero mahirap sabihing napanatayan nya ang porma, kilos, at pananalita ni Tommy sa papel na abugado. Of course, sa tunay na buhay ay isang abugado si Tommy. Pero, sapat ba ang hindi pagiging abugada ni Nora sa tunay na buhay para gawing excuse kung bakit mas magaling sa kanya si Tommy at maging si Vilma? - **Usapang Sine by Rico E. Alegre**

{ VITS }

Goodbye

Joey Gosiengfiao, one of the foremost directors of the '70s and '80s, died of heart attack< March 17, 2007 at the Quirino Medical Hospital. He was 63. Gosiengfiao was one of the three directors of Vilma Santos' *Lipad, Darna, Lipad*, with Emmanuel Borlaza and Elwood Perez.

Relasyon 2007

Angel Locsin is poised to play Marilou in a remake of the movie *Relasyon*. Aga Muhlach play Christopher DeLeon's role. *Relasyon* earned Vilma Santos her first grand slam.

T- Bird at Ako 2007

Another remake, *T-Bird at Ako* will feature Judy Ann Santos fitted against Claudine Barreto. Star Cinema will produced.

One

Number of weeks Vilma Santos asked from her followers before making a decision to run for the governorship of Batangas.

One

Number of weeks Ricky Recto asked from his followers before making a decision not to run for the governorship of Batangas intead he decided to run for Congress.

Something in Common



Gina Pareno, this year's dark horse for best actress for *kubrador* have something in common with Vilma Santos, they are both starred in *Darna* movies.

5 Questions For 5 Vilmanians



Franco Gabriel

Favorite place to spot another Vilmanians:

- Los Angeles, California ang dami nila doon

Four things to do when youre in a company of a Vilmanian:

- talk about Ate Vi the whole day
- lunch or dinner
- watch Ate Vi's old Movies
- sing along

Favorite place to stay when a Vilmanian visit your city:


- Fisherman's Wharf, San Francisco

Favorite place nightlife spot in your city that a Vilmanian should not miss:

- Library Bar in Westborough

Favorite food Vilmanians likes to nibble while watching a Vilma movie in a sunday afternoon:

- Lumpiang Shanghai



Capt. Joey Cruz

Favorite place to spot another Vilmanians:

- Nar's Place

Four things to do when youre in a company of a Vilmanian:

- Behave
- Ask your co Vilmanians "do you have a copy of Lipad Darna Lipad" kahit na projection pa or be-tamax copy.
- listen to vilma song
- Kwentuhan to the max until wee hour basta lang all about ate Vi.

Favorite place to stay when a Vilmanian visit your city:

- Tagaytay kze 30 mins drive lang yan sa place ko.

Favorite place nightlife spot in your city that a Vilmanian should not miss:

- Bahay lang. Homebody ako. Pero Tagaytay is a best place kze lapit lang sa amin.

Favorite food Vilmanians likes to nibble while watching a Vilma movie in a sunday afternoon:

- Balut at Penoy. Wierd ko ano? Hehehehehe



Julie Haglund

Favorite place to spot another Vilmanians:

- Vilma egroups

Four things to do when youre in a company of a Vilmanian:

- kainan
- kwentuhan
- nood ng old movie ni Ate Vi
- kantahan

Favorite place to stay when a Vilmanian visit your city:

- Stockholm, Sweden
- my house is open for any one who will come and visit.

Favorite place nightlife spot in your city that a Vilmanian should not miss:

- The Spy Bar - this is one of my favorites whenever I'm out with some friends. It's a bar/disco, If somebody will come and visit ill be a glad and willing host to anyone. Famous celeb that has been to the place were : Paris Hilton, Jennifer Lopez and Britney Spears.

Favorite food Vilmanians likes to nibble while watching a Vilma movie in a sunday afternoon:

- Doritos and ice tea! or sometimes just coffee and some orio!



Alan Trambulo

Favorite place to spot another Vilmanians:

- When there's a VILMA movie is showing and also in the FILipino video store renting or buying all VILMA movies.

Four things to do when youre in a company of a Vilmanian:

- Talk about our IDOL Ate Vi.
- Exchange movies/tv shows of Ate Vi
- Watch movies of Vilma (old and New)
- Text Ate Vi & think or do some creative stuff for the club/org.

Favorite place to stay when a Vilmanian visit your city:

- NYC Radisson Hotel rm.1818 because she stayed here w/ Ralph 2 yrs.ago & for sure the coming years.

Favorite place nightlife spot in your city that a Vilmanian should not miss:

- WEB (Asian Bar and lots of Vilmanians) and Splash Bar NYC

Favorite food Vilmanians likes to nibble while watching a Vilma movie in a sunday afternoon:

- Sweet vanilla/honey popcorn, M&M peanuts



June Sison

Favorite place to spot another Vilmanians:

- anywhere. Vilmanians we live free.

Four things to do when youre in a company of a Vilmanian:

- be yourself & stay cool
- voice out. share your thoughts & ideas
- respect the opinion & well being of others
- be happy & proud we are vis & we want to make a difference in this world

Favorite place to stay when a Vilmanian visit your city:

- 3868 Cluster 6 Flexihomes Bliss Rosario Pasig City.

Favorite place nightlife spot in your city that a Vilmanian should not miss:

- The Tiendesitas Ortigas Avenue, Pasig City

Favorite food Vilmanians likes to nibble while watching a Vilma movie in a sunday afternoon:

- Popcorn or Pizza & Chef Nar's pande coco, the taste is so devine!

Satur attends Vilma Santos rally in Batangas

AMITA LEGASPI, GMANews.TV 04/12/2007

A known administration critic on Wednesday evening graced the political rally of an administration gubernatorial candidate in Batangas province, QTV's Balitanghali reported Thursday. Bayan Muna Rep. Satur Ocampo was the special guest of Team Unity gubernatorial candidate Vilma Santos and husband, reelectionist Sen. Ralph Recto in a rally held at Plaza Independencia in Lipa City. Also present in the political rally was Santos' runningmate, Edwin Ermita, son of Executive Secretary Eduardo Ermita. Santos even described Ocampo as her idol, "a man I admire because we now seldom find persons who stand up for their beliefs." She also openly endorsed Bayan Muna. "Yan si Satur Ocampo, may paninindigan, Suportahan natin siya. Suportahan natin ang Bayan Muna." To punctuate her endorsement of Bayan Muna, Santos and her husband Recto raised Ocampo's hand before a cheering crowd of about three thousand Batangueños. In his remarks, Ocampo thanked Santos, Recto and the people of Batangas for helping Bayan Muna attain the top spot in the 2001 and 2004 elections. In a statement, Bayan Muna said Santos' endorsement is expected to further the groundswell of support for Bayan Muna, whose president and first nominee - Ocampo - had been arrested and detained in connection with a multiple murder case in Leyte. Bayan Muna is expected to recapture the top spot among partylist aspirants and regain the maximum three seats in the House of Representatives, according to the surveys conducted by the country's two major polling firms Social Weather Stations and Pulse Asia. Bayan Muna emerged No. 1 in the 2001 and 2004 party-list elections. - GMANews.TV



{ alam mo ba? }

Alfonso Valencia

VICTORY BY THE NUMBERS

Hello everybody! Since natapos na din ang halalan at ngayon ay gobernador na ang ating idolong si Ms. VILMA SANTOS-RECTO kaya silipin natin ang mga naging kaganapan ng eleksiyon sa lalawigan ng Batangas kaya't umpisahan na natin ang ALAM NYO BA?

1. Na bago kumandidatong governor ng lalawigan ng Batangas si Mayor Vi ay pinag-aralan muna nya ang buong lalawigan?
2. Na ang lalawigan ng Batangas ay may 31 bayan at 3 lungsod?
3. Na ang lalawigan ng Batangas ay may 4 na distrito?
4. Na ang 1st district ay binubuo ng 8 bayan - Balayan, Calaca, Calatagan, Lemery, Lian, Nasugbu, Taal at Tuy?
5. Na ang 2nd district ay binubuo ng 6 bayan at 1 lungsod - Bauan, Lobo, Mabini, San Luis, San Pascual, Tingloy at Batangas?
6. Na ang 3rd district ay binubuo ng 11 bayan at 1 lungsod - Agoncillo, Alitagtag, Balete, Cuenca, Laurel, Malvar, Mataas na Kahoy, San Nicolas, Sta. Teresita, Sto. Tomas, Talisay at Tanauan?
7. Na ang 4th district ay binubuo ng 6 bayan at 1 lungsod - San Juan, Ibaan, Padre Garcia, Rosario, San Jose, Taysan at Lipa?
8. Na may 1,177,085 botante ang lalawigan ng Batangas?
9. Na sa 4th district ng Batangas ang may pinakamaraming botong nakuha ni Mayor Vi?
10. Na sa 3rd district ng Batangas ay natalo si Mayor Vi?
11. Na ang lungsod ng Batangas ang may pinakamaraming botante 154,214?
12. Na ang Tingloy ang may pinakakonting botante - 9,045?
13. Na ang lungsod ng Lipa ay may pinakamalaking lamang ni Mayor Vi kay Sanchez - Vi 51,619 Sanchez - 28,321?
14. Na sa Sto. Tomas Batangas ang may pinakamalaking lamang ni Sanchez - Vi - 11,889 Sanchez - 28,985?
15. Na 1 bayan lang sa 1st district natalo si Mayor Vi at ito ay sa Lemery - Vi -18,467 Sanchez - 16,570?
16. Na sa 6 bayan at 1 lungsod natalo si Mayor Vi - Lemery, Agoncillo, Balete, Laurel, Sto. Tomas, Talisay at Tanauan City?
17. Na ang Tingloy, Batangas ay isang isla?
18. Na ang 3 lungsod sa lalawigan ng Batangas ay ang Batangas, Tanauan at Lipa City?
19. Na ang kandidatong mayor ng Lobo, Batangas ay inalok ni Governor Sanchez ng malaking halaga para sumanib sa kanya pero pinili niya ay si Mayor Vi?
20. Na noong pumunta ng Calaca, Batangas si Mayor Vi ay biglang umulan habang hindi tumitinag ang mga tao kaya't sinabi ni Mayor Vi na walang magpapayong at handa siyang mabasa ng ulan?
21. Na sa Lobo, Batangas nag-shooting si Mayor Vi ng Ibong Lukat?
22. Na hindi binigyan ng permit sina Mayor Vi nang mag-rally sila sa Sto. Tomas, Batangas?
23. Na may 10,000 katao ang pumunta sa rally ni Mayor Vi sa Sto. Tomas, Batangas?
24. Na noong May 10, 2007 ay sumama sa caravan sina Luis Manzano at Ryan Christian Recto?
25. Na si Doña Carmen Recto, ang mother ni Senator Ralph ay ilang beses ding sumama sa campaign sorties ni Mayor Vi?
26. Na nang pumunta si Mayor Vi sa Tingloy ay noon lang siya nakasakay ng tricycle at bangka?
27. Na nang mag-file ng COC at nang i-proclaim bilang bagong halal na governor ng lalawigan ng Batangas si Mayor Vi ay pula ang suotniya?
28. Na mahigit sa isang daang libong boto ang kalamangan ni Mayor Vi kay Arman Sanchez?
29. Na sa Calatagan, Bauan, Lobo, San Pascual, Tingloy, San Juan, Ibaan at Padre Garcia ay mas malaki pa ang lamang ni Mayor Vi kaysa sa botong nakuha ni Governor Sanchez?
30. Na sa 4th district ng Batangas ay mas malaki pa ang lamang ni Mayor Vi kaysa nakuhang boto ni Governor Sanchez?

{ cover story }

The Last ditch came on the eve of the election day. A fake newspaper (The People's Tonight) circulated in the whole province of Batangas headlining Ate Vi backed out of the race! What a silly attempt! Prior to this, a comic book circulated with the intention of ridiculing the beloved mayor of Lipa. All of this has no effect to the election results. Vilma Santos Recto wins by a landslide! The dirty politics of her competitor didn't do any harm to the will of the people. What a sweet victory for the humble mayor of Lipa. She de-

Sweet VICTORY



serves the accolades. It seems like yesterday when she hesitated to run because her brother in law was also running for the governorship of Batangas. The people of Lipa did the unthinking when they mobilized and its leaders cultivated a hundreds of signature petitioning her to run. Ate Vi asked the people of Lipa to be patient with her and she will decide in a weeks time. Her fans showed their support and had a prayer rally all over the country and even outside the country. Some movie press also showed their support but some were vocal with their disapproval. They wanted her to go back to show business. She has done a lot for Lipa and its time to rest and savour her accomplishments they said. Some Vilmanians also showed their feelings but their love for her are more stronger. They showed their support no matter what her decision will be. After a week, Vilma did the historic speech and accepted the challenge. She will run for the governorship of Batangas. She also reconciled with her brother in law, Ricky Recto who decided to run for Congress. The circus like campaign started when Ate Vi filed for her candidacy. People can't just get enough. Every time she was in public people are going gaga with her. Shouting Ate Vi! Ate Vi! With all of this, Ate Vi showed her dedication and campaigned rigorously. At times her Vilmanians are worried about her health as Ate

Vi went from one rally to another. Despite the fact that Ate Vi is well loved some intrigues came up. Like when the movie press put a spotlight to Susan Roces asking her if she'll endorse Ate Vi. She did not and Roces even added that they're not even friends. Another intrigue was when Regal films' producer Lily Monteverde held numerous press conferences for a number of candidates, Vilmanians and some insider expected that she will do the same for Ate Vi but she did not. Then the EVAT discussion started when Richard Gomez a senatorial candidate started making statements. Obviously, the statements are against the author of this law, Senator Ralph Recto. Ate Vi will go on saying that EVAT helps the government with its infrastructure, debt payments and other social projects and that the poor people will not be affected by this law. With the EVAT debates continues, Ate Vi tirelessly continue with her campaign visiting towns and barangays. She eventually started to do a motorcade parade to each town. She also criss crossed the beaches and rode a tricycle for the first time. The endless campaigns ended last May 14, 2007 when both Ate Vi and her senatorial candidate husband Ralph Recto voted in a school in Lipa. And now we can savour the victory. She work hard for this. What a sweet victory! Congratulation Ate Vi! - **Rendt Viray >>>**

"The Road to Victory"

By Alfonso Valencia

Matutunghayan natin dito ang diary ni Ms. Vilma Santos-Recto simula nang magdesisyon siya na kumandidatong gobernador ng lalawigan ng Batangas hanggang sa proclamation nya bilang nanalong gobernador ng lalawigan ng Batangas.

- **March 7, 2007, Wednesday** - Nagkaroon ng prayer rally ang mga Vilmanians at Team Recto sa Our Mother of Perpetual Help (Baclaran church). It's a first Wednesday kaya nag-novena, nagtirik ng kandila at nagdasal ang mga sumama. Ang "prayer rally" na ito, na dinaluhan ng humigit kumulang sa isang daang katao, ay ginawa para gabayan si Mayor Vi na makapagdesisyon ng tama kung tatakbo o hindi sa pagka-gobernador ng lalawigan ng Batangas. Ito ay para din sa kandidatura ni Senator Ralph Recto.
- **March 12, 2007, Monday** - "I am accepting the challenge, tatakbo akong gobernador ng lalawigan ng Batangas, hindi ako nag-back out, nag-give way lang ako", ang mariing sinabi ni Mayor Vi sa harap ng maraming tao kasama na sina Vice-President Noli de Castro, Senators Ralph Recto and Joker Arroyo, Nani Perez at Edwin Ermita sa Lipa Cultural Center.
- **March 28, 2007, Wednesday** - "VILMA SANTOS-RECTO: PUSO AT PAG-ASA NG BATANGAS," ang slogan na tumambad sa amin nang pumunta kami ng Lipa para saksihan ang registration ni Mayor Vi ng certificate of candidacy (COC) bilang gobernador ng lalawigan ng Batangas. Pagkatapos ng isang misa ay pumunta muna ng opisina si Mayor Vi kasama si Senator Ralph Recto para sa interview. Dumating si Vice-Governor Ricky Recto at nakipag-beso besyo kay Mayor Vi. Matapos ang interview ay pumunta na sina Mayor Vi, kasama ang napakaraming tao para sa filing ng COC sa Batangas City. Mula sa Batangas City ay pumunta naman ang grupo sa Mount Malarayat Golf & Country Club para sa isang pananghalian at press conference.
- March 31, 2007, Saturday - Simula na ng kampanya at ang grupo ni Mayor Vi ay maagang umalis patungong Cuenca, Batangas at Taal, Batangas. Tiniis ang sikat ng araw, kaway dito, kaway doon habang ang mga tao ay tuwang tuwa. Sa simbahan ng Taal, Batangas ay pumasok muna si Mayor Vi at nagdasal. Nagsalita si Mayor Vi sa harap ng plasa at kinagabihan ay um-attend siya ng graduation.
- April 3, 2007, Holy Tuesday - Dapat sana ay parada lamang ang gagawin nina Mayor Vi dito sa Padre Garcia, Batangas pero

dahil sa sobrang dami na tao ay napilitan syang magsalita kahit sobrang init ng sikat ng araw. Mula sa Padre Garcia, Batangas ay dumeretso sila sa San Juan, Batangas at Rosario, Batangas. Dumalaw si Mayor Vi sa mga ospital

ng mga bayang nabanggit. Nagpunta din si Mayor Vi sa San Jose, Batangas at nagsalita.

- **April 4, 2007, Holy Wednesday** - Tanauan City, Laurel, Batangas at Talisay, Batangas ang mga lugar na pinuntahan nina Mayor Vi ngayong araw na ito. Parang fiesta sa mga lugar na ito dahil sa dami ng taong sumalubong sa grupo.
- **April 8, 2007, Easter Sunday** - Hapon na nang pumunta ang grupo ni Mayor Vi sa Lemery, Batangas. Pagkatapos sa Lemery, Batangas ay dumeretso naman sila sa Calaca, Batangas at pagdating nila dito ay biglang umulan subali't kahit umuulan ay hindi tumitinag sa kanilang pwesto ang mga tao, kaya't sinabi ni Mayor Vi na "walang magpapayong, ako ay handang mabasa." Guest celebrity nila ay si Tirso Cruz III.
- **April 9, 2007, Monday** - Dito sa Balayan, Batangas ay sobrang dami ng tao at sigawan ang mga tao pag binabanggit ang pangalan ni Mayor Vi. Guest celebrity nila ay si Rufa Mae Quinto. Sa Nasugbu, Batangas ay grabe din ang tao sa plasa, open air ang stage at nagkaroon pa ng fireworks. Dumating si Cesar Montano at umawit pa. Guest celebrity nila ay si Eric Santos.
- **April 10, 2007, Tuesday** - Mainit na dinumog ng mga taga San Pascual, Batangas ang grupo nina Mayor Vi. Tinatanong nya ang mga tao kung kumain na at kung nanood na ng pelikula ni Luis na Ang Cute ng Ina Mo. Sinabi pa ni Mayor Vi na tatlo ang anak nya, si Luis, si Ryan at si Ralph, ang pinakamati-gas ang ulo at pinakamaligalig. Tawanan ang mga tao. Bago magsalita si Mayor Vi sa bayan ng Bauan, Batangas ay may isang batang tumula na patungkol kay Mayor Vi.
- **April 11, 2007, Wednesday** - Nagpunta naman ng Malvar, Batangas ang grupo ni Mayor Vi at ang guest celebrity ay si Maureen Larazabal. Samantala sa Lipa City ay kasama nina Mayor Vi sina Rufa Mae Quinto at Eric Santos at ipinangalandakan ni Rufa Mae na "idol niya si Mayor Vi at lahat ng pasukin nito ay tagumpay sya." Nagpasalamat si Mayor Vi sa mga taga Lipa City sa tiwalang ibinigay sa kanya at kung mananalo siyang governor ay number one pa rin sa kanya ang Lipa >>>



City.

- **April 14, 2007, Saturday** - Maagang umalis ang grupo ni Mayor Vi papuntang Balete, Batangas. Napakainit sa napakainit na sikat ng araw ang ginawang pagtanggap ng mga taga Balete, Batangas dahil tili ng tili ang mga tao habang nagsasalita si Mayor Vi. Nagtuloy din sila sa Mataas na Kahoy, Batangas subali't hindi sila gaanong dinumog sa lugar na ito.
- **April 16, 2007, Monday** - Kahit hindi binigyan ng permit na makapag-rally dahil ang asawa ni Governor Sanchez na si Edna Sanchez ang mayor dito sa Sto. Tomas, Batangas ay dinumog pa rin sila ng humigit kumulang sa 10,000 katao. Sa isang liblib na lugar, na marami pang dayami, sa Barangay San Pablo nagdaos ng rally ang grupo, isang kanto ang layo sa bahay ni Governor Sanchez. Nagtilian at nagsigawan ang mga tao nang makita nila si Mayor Vi. May mga kwitis at fireworks pa. Ang guest celebrity nila ay sina Rufa Mae Quinto at Eric Santos. Sa isang maluwang na plasa na punong puno ng tao sa Tanauan City nagdaos ng rally ang grupo ni Mayor Vi. Ang motto ng grupo ay common vision at ang common values ay share responsibilities. Guest celebrity ulit sina Rufa Mae Quinto at Eric Santos.
- **April 17, 2007, Tuesday** - Sinabi ni Mayor Vi sa isang gym na pinagganapan ng rally nila sa San Juan, Batangas na ang bayang ito raw ang isa sa pinaka-behave ang tao sa mga bayang napuntahan niya dito sa lalawigan ng Batangas. Sa isang plasa sa bayan ng Rosario, Batangas ay dinumog din ang grupo ni Mayor Vi ng napakaraming tao. Ang guest celebrity nila dito sa Rosario, Batangas ay sina Rufa Mae Quinto at Eric Santos.
- **April 18, 2007, Wednesday** - Makapananghalian na lumakad ang grupo ni Mayor Vi papuntang San Jose, Batangas. Dinalaw ni Mayor Vi ang ospital ng San Jose, Batangas bago sya nagsalita sa isang malaking gym na puno ng tao. Tumuloy din ang grupo sa Batangas City kung saan ay pinagkaguluhan si Mayor Vi ng mga tao. Sa pananalita ni Mayor Vi ay sinabi niyang noon lang daw sya nakakita na ang poste ng Meralco at mga punong kahoy ay namunga ng tao. Ang guest celebrities nila ay sina Ai Ai de las Alas na kusang loob na nag-volunteer para ikampanya si Mayor Vi at Rufa Mae Quinto.
- **April 21, 2007, Saturday** - Umaga pa lang ay lumakad na ang grupo ni Mayor Vi papuntang Lobo, Batangas. Mula sa plasa sa katanghaliang tapat ay pinagkaguluhan, pinalakpakan, tinilian at kinawayan si Mayor Vi. Sinabi ni Mayor Vi na sa Lobo, Batangas sya nag-shooting ng Ibong Lukaret na noon ay

baku-bako ang daan at kahit hanggang ngayon. Kumanta ng Bato sa Buhangin si Mayor Vi at may isang babaeng nakipag-duet pa sa kanya. Sa Taysan, Batangas ay maraming taong nag-aabang kay Mayor Vi at habang nagsasalita siya ay very attentive at hindi umaalis ang tao at panay ang palakpak.

- **April 23, 2007, Monday** - Maagang nagpunta ang grupo ni Mayor Vi sa San Luis, Batangas, isang maliit na bayan lamang pero puno ng tao ang court na pinagdausan ng rally. Ang tanong nga ni Mayor Vi sa mga tao ay "bakit pag ako'y nagsasalita, lahat kayo ay nakatingala at nakatitig sa akin, naiintindihan nyo ba ang sinasabi ko?, pati sa kalsada ay hinaharang ang aming sinasakyan at may dala pa silang placard na may nakasulat na "WE LOVE YOU ATE VI." Dito naman sa Tuy ay nagpunta din ang grupo ni Mayor Vi. Pinagkaguluhan din sila ng mga tao dito kaya lang medyo tamad silang pumalakpak.
- **April 24, 2007, Tuesday** - Bago pa man dumating ng Agoncillo, Batangas ang grupo ni Mayor Vi ay puno na ng tao ang court na pagdarausan ng rally. Nasa labas na ng court ang ibang tao at nakasilong sa ilalim ng mga punong-kahoy dahil sa sobrang init ng panahon. Dito sa San Nicolas, Batangas ay pinagkaguluhan sila ng tao bagama't hindi masyadong puno ang court na pagdarausan ng rally. Maluwang ang court na nasa tabi ng dagat at tanaw ang Taal Lake. Alive na alive dito ang mga tao dahil panay ang tili at palakpak nila.
- **April 25, 2007, Wednesday** - Matapos makapananghalian ang mga Vilmanians (yes kasama kami) ay lumakad na ang grupo ni Mayor Vi papuntang Lian, Batangas. Bago ipakilala si Mayor Vi ay may isang pitong taong gulang na bata ang tumula, Aljohn Domingo ang pangalan. Palakpakan at tuwangtuwa ang mga tao kay Aljohn. Sa kanyang talumpati ay nabanggit ni Mayor Vi kung paano sya naging mayor ng Lipa at ang kanyang mga plataporma ngayong kumakandidato syang gobernador ng lalawigan ng Batangas. Sigawan at palakpakan ang mga tao. Habang papalapit kami sa bayan ng Calatagan, Batangas ay parami ng parami ang mga taong nanonood sa daan at panay naman ang pamimigay namin ng mga ipinagawang t-shirts ng VSSI, Inc. Ang Calatagan, Batangas ay isa sa may pinakamaraming dumalong tao sa rally ng grupo ni Mayor Vi. Nagkaroon pa sila ng fireworks after ng rally.
- **April 28, 2007, Saturday** - Sinalubong, pinagkaguluhan at walang humpay sa pagsigaw at pagtitilian ang mga tao nang dumating ang grupo ni Mayor Vi sa Ibaan, Batangas. Tumula ulit si Aljohn at guest celebrity nila ay si Ai Ai de las Alas. Pangalawang beses nagpunta ang grupo ni Mayor Vi sa Padre Garcia, Batangas pero ang kapal pa rin ng taong dumalo sa rally. >>>

{ cover story }

- April 30, 2007, Monday** - Excited ang grupo ni Mayor Vi dahil from Anilao ay sumakay sila ng motorboat papuntang Tingloy, Batangas. Pagbaba ng pier ay sumakay naman sila ng tricycle papuntang town proper. Kahit sa katanghaliang tapat ay sinalubong sila ng napakaraming tao papuntang court, na si Senator Ralph ang nagpagawa. Ang Tingloy, Batangas ay isang isla na may 9,000 botante lamang, may labinlimang barangay at may schedule ang kuryente (na de baterya lamang ang ginagamit) at may sinimulang ospital pero hindi natapos. Sabi nga ni Mayor Vi "pag nanalo akong gobernador ay babalik ako sa bayang ito." Pumunta din sila sa Mabini, Batangas na habang daan ay parang piyesta dahil sa dami ng taong sumasalubong sa kanila. Nagpasalamat si Mayor Vi sa mainit na pagtanggap ng mga tao kahit alam nyang medyo mahina sya sa bayang ito.
 - May 1, 2007, Tuesday** - Dahil hindi nakahabol ang mga Vilmanians nang pumunta ng San Pascual ang grupo ni Mayor Vi kaya sinalubong na lang namin sila sa bayan ng Bauan, Batangas. Sa San Pascual ay dinumog din ang motorcade ni Mayor Vi at nang nasa bayan na ng Bauan, Batangas ay sobra ang traffic. Nakasakay sa isang "float" sina Mayor Vi, kumakaway at kumakamay sa mga tao. Bawa't kalye ay pinasok nina Mayor Vi at tili ng tili ang mga tao at naka V-sign pa sila. May 2, 2007, Wednesday - Sigawan at tilian ang mga tao nang makita si Mayor Vi na sakay sa isang Isuzu Elf dito sa Lemery, Batangas. Sa Taal, Batangas naman ay ganun din ang mainit na pagtanggap sa kanila.
 - May 3, 2007, Thursday** - Dito sa Calaca, Batangas kung saan ay sinalubong sa may boundary sina Mayor Vi ng mga kandidatong kapartido niya sa pagka-mayor, vice mayor at mga konsehales. Tumatalon ang mga tao habang kaway ng kaway si Mayor Vi. Maraming pinasok na baranggay sina Mayor Vi kasama na ang palengke. Deretso naman sila sa bayan ng Balayan, Batangas kung saan marami ding naghihintay na mga tao. Pinuntahan din nina Mayor Vi ang palengke ng Balayan, Batangas.
 - May 5, 2007, Saturday** - Sa bukana pa lang ng bayan ng Nasugbu, Batangas ay sinalubong na sina Mayor Vi ng mga kandidatong kapartido nila sa pagka-mayor, vice mayor at mga konsehales ng bayang ito. Namimigay sila ng mga campaign materials. Dinaanan nila ang mga bayan ng Cuenca, Alitagtag at Sta. Teresita, Batangas. Sa Tuy, Batangas naman ay special guest si Mayor Vi sa Mamang-os Festival (Matamis na Katas ng Kasipagan). Ang Mamang-os ay samahan ng mga magsasakang nagtatanim ng tubo (sugar cane). Nagsalita si Mayor Vi
- sa harap ng maraming tao at binigyan siya ng regalo, token at tubo.
- May 6, 2007, Sunday** - Sa isang maluwang na court (na ipinagawa ni Senator Ralph) dito sa Sta. Teresita, Batangas ay nagsalita ang mga kandidatong kapartido ni Mayor Vi. Hindi masyadong napuno ang court pero pumapalakpak sila pag binabanggit ang pangalan ni Mayor Vi. Palibhasa ay abala ang mga tao sa fiesta dito sa Alitagtag, Batangas kung kaya't hindi masyadong napuno ang malaking gymnasium na ipinagawa ni Senator Ralph. Mataas ang covercourt na may 12 palapag. Ipinakilala si Mayor Vi ng batang si Aljohn sa pamamagitan ng tula kaya't sigawan at palakpakan ang mga tao. May isang matandang lalaki ang sumigaw ng "panalo ka na Ate Vi."
 - May 8, 2007, Tuesday** - Sinugod ng napakaraming tao ang grupo ni Mayor Vi dito sa bayan ni Governor Sanchez, ang Sto. Tomas, Batangas. Kasama si Luis Manzano dito at may maririnig kang nagko-comment ng "ang pogi-pogi ni Lucky." Bawa't kanto ay may nakatalagang pulis at ang mga tao ay may daladalang kaldero at sandok at yun ang ginagawa nilang tambol habang dumaraan ang grupo ni Mayor Vi. Dumaan din ang grupo ni Mayor Vi sa Tanauan, Batangas. Super dami din ang tao kaya lang ay biglang bumuhos ang malakas na ulan kaya naputol ang caravan. Pumunta si Mayor Vi sa opisina ng INC at pagkatapos ay dumeretso na sila sa Lipa Grill. Sa Rosario, Batangas ay invited sya ng may-ari ng Andok's.
 - May 9, 2007, Wednesday** - Palibhasa'y maraming beach resort dito sa San Juan, Batangas kaya sa Laiya Beach Resort nagtungo ang grupo ni Mayor Vi. Sumalubong ang pagkahabang supporters ng mga kandidatong kapartido ni Mayor Vi na kasama sa caravan. Ganoon din ang nangyari sa kanila sa Rosario, Batangas. Inimbitahan ni Grace Caringal, ang kapatid ni prosecutor ang grupo ni Mayor Vi sa kanyang farm.
 - May 10, 2007, Thursday** - Ang Batangas City ang pinakapopulated na lugar sa lalawigan ng Batangas kaya't sa unang baranggay pa lang, ang Sta. Rita ay walang patlang ang tao hanggang sa makarating ang grupo ni Mayor Vi sa city proper. Tumuloy sila sa Regional District Hospital kung saan natulala ang mga nurses at lumabas ang mga pasyente. Kasama din ni Mayor Vi sina Luis at Ryan Christian. Nagpasalamat naman ang presidente ng ospital dahil sa pagpaunlak ni Mayor Vi na dumaan sa ospital. Dumaan din sila sa iba't ibang baranggay at sabi nga ng mga kasamang Vilmanians ay mas successful pa daw ito kaysa motorcade noong May 1, 2007. Pagkatapos ng motorcade ay umuwi na sila sa LPL Recto residence at doon ay nagkaroon ng in-interview at picture taking si Mayor Vi. >>>

- **May 11, 2007, Friday** - Maagang nag-guest si Mayor Vi sa Radyo GB at mga 45 minutes siyang in-interview. Pagkatapos ay nag-motorcade naman ang grupo ni Mayor Vi sa buong Lipa City. Maraming sumalubong sa kanila sa kalsada lalo na sa may bandang palengke. Mahaba-haba rin ang tinahak nina Mayor Vi.
- **May 21, 2007, Monday** - Natapos na ang election. Nanalo na si Mayor Vi, este si Governor Vi. Nagprotesta ang talunang incumbent governor ng lalawigan ng Batangas subali't ang COMELEC ay iprinoklama ng gobernador ng lalawigan ng Batangas Si Governor Vi. Nakasuot ng pulang blouse si Governor Vi, kasama ang ibang nanalong kandidatong panlalawigan, maliban sa bise-gobernador ay sabay sabay nilang itinaas ang kanilang mga kamay. Nagsalita si Governor Vi at nagpasalamat sa lahat ng mga Batangueñong hindi siya pinabayaan. Pagkatapos magsalita ni Governor Vi ay in-interview siya nina Jimi Escala, Virgie Balatico, Melchor Bautista, Ador Saluta at marami pang iba, then bumalik na sila ng Lipa City. At yan ang kabuuan simula ng magdesisyong kumandidatong gobernador ng lalawigan ng Batangas hanggang sa manalo siyang kauna-unahang gobernador ng lalawigan ng Batangas. Mabuhay ka GOVERNOR VILMA SANTOS-RECTO! Mabuhay ang mga BATANGGENYO! Mabuhay ang mga VILMANIANS! Mabuhay ang VSSI, Inc.! Salamat nga pala kay Jean Dolor, ang nag-report ng mga kaganapan sa campaign sorties ni Mayor Vi at sa mga Vilmanians na sumama sa caravan. - **Alfonso Valencia**

“Maligayang-maligaya ako!” - Madam Governor Vilma

By Cristy Fermin, Balita, 05/21/07

DAPAT sana'y nu'ng Biyernes pa nang hapon ginanap na ang proklamasyon ni Gov. Vilma Santos, mahirap nang kuwestiyunin pa ang malaking agwat ng kanyang boto kay Gov. Armand Sanchez. Pero si Mayor Vilma mismo ang tumanggi. Gusto muna niyang makumpleto ang bilangan, naiiwanan pa nu'ng mga panahong yun ang boto ng Tanauan, Batangas. Sabi ng tatawagin na nating Governor Vilma Santos ngayon, "Kailangan kumpleto ang lahat ng lugar para mas maayos, gusto na nilang ganapin ang proclamation, pero sabi ko, hintayin na ang boto ng lahat ng bayan para mas malinaw. "Maligayang- maligaya ako sa naging takbo ng kandidatura ko, wala akong masasabi sa ngayon kundi maraming salamat sa lahat ng mga kababayan kong nagtiwala sa akin," maingsing sabi ng Star for All Seasons.



Marami nang programa ang nagpapaabot ng imbitasyon sa kanya para sa live guesting, pero muli, tumanggi muna ang aktres/ politiko. "Forgive me, gusto ko nang ipaabot ang pasasalamat ko sa mga kababayan ko, pero gusto ko muna talagang matapos ang bilangan. Ayokong ma-proclaim nang hindi pa tapos ang lahat ng towns, gusto kong plantsado lahat, ayokong magkaroon pa ng problema, baka ma-technical pa tayo. Mahimbing na ang tulog niya ngayon, pero ang kasiyahan niya, ay hindi pa isangdaan porsiento, gusto muna niyang malaman at makitang stable na ang posisyon ng kanyang asawa sa labanan. Pangako ni Gov. Vilma, kapag maayos na ang kartada ni Sen. Ralph Recto ay pagbibigyan na niya ang mga imbitasyon, kumpleto na ang kanyang kaligayahan sa mga panahong 'yun.

Vilma Santos prinoklama nang bagong gobernadora ng Batangas

IDINEKLARA na ng Commission on Elections bilang bagong gobernador ng Batangas ang aktres at alkalde ng Lipa City na si Vilma Santos. Sa report ng ANC, nakakuha ng 475,740 votes si Santos kumpara sa pinakamahigpit nitong katunggali na si incumbent Gov. Armand Sanchez na nakakuha lamang ng 344,959 na boto. Ani Santos, agad siyang magsasagawa ng konsultasyon sa mga residente upang matukoy ang mga proyekto na kailangan niyang pagtuunan ng pansin. Samantala, inireklamo naman sa Comelec ni Sanchez ang pagkapanalo ni Santos. Sa report ng dzBB, naghain ng petisyon si Sanchez sa pamamagitan ng abugado nito upang maideklara ang "total failure of elections" sa Batangas. Inakusahan ng kampo ni Sanchez ang kampo ni Santos nang ballot switching, vote padding at vote-buying. - **People's Journal 05/22/07 >>>**

Tunay na Mukha ng Kampanya

Kristine Lomeda

Vilma! Puso at Pag-asa ng lahat! Vilma! Kami ay para sa 'yo kailangan ka ng Batangueno! For Governor iboto! Vilma Santos, pangako nya'y totoo! Vilma Santos, nagmamahal si Vilma sa bayan na mahal sya! Batangas Governor natin si Vilma! Vilma Santos for Governor!

Si Vilma nandito na! Habang tumutugtog ang jingle nya (YMCA tune), parang mga alon ang tao na di magkamayaw sa pagsigaw ng pangalang Vilma Santos. Tila ba isang reyna ang sa kanila ay bumisita. Kahit saan ka tumingin puno ng mga Batangueno na tunay na sumusuporta sa kanilang bagong Gobernadora. Uhaw ang mga taga-Batangas sa malawakang pagbabago, sawa na sila sa tradisyunal na mga pulitiko, nais nila ng pagsulong at tuluyang pag-unlad ng Batangas, Nais nila ng malinaw na kinabukasan para ka kanilang mga kabataan, hindi ito tungkol sa kasalukuyan kundi tungkol sa kanilang hinaharap. At si Vilma, ayon sa kanila ang makapagbibigay noon.

Si Vilma, ang puso, Si Edwin, ang pag-asa, Pagpinagsama Batangas unlad na, Kaya ang sigaw ng mga Batangueno, Korecto!

Tuwing may rally o motorcade sa isang bayan, nakasisiya ng pakiramdam ang suportang ipinakikita nila. Malaki ang tiwala nila sa isang Vilma Santos, umaasa silang ang mga pagbabago at pag-unlad na nagawa niya sa Lipa ay matikman din ng kabuuan ng Batangas. Sa lahat ng mensaheng ipinabot ni Vilma sa kanila at sa loob ng 45 araw ng kampanya, ni minsan ay hindi nila naringgan ng pagbatikos ang Gobernadora sa kanyang mga kalaban. Isa lang ang piliit nyang itinatak sa isip ng kayang mga tagapakinig, ito ay ang kanyang HEARTS program, Health, Education, Agriculture, Roads, Tourism and Security. Wala sa kanyang agenda ang mamulitika- ang gawain ng isang tipikal na pulitiko na hindi pagsisilbi ang nais kundi kapangyarihan at samantalain ang kahinaan ng kanyang mga nasasakupan.

Kung minsan hindi nya rin maiwasang itanong, kung gusto ba sya ng mga Batangueno dahil sya si Vilma Santos na artista o dahil naniniwala silang may magagawa sya sa Batangas. Di naman sya nabibigo sa sagot na kanyang nakukuha dahil ang sigaw ng tao ay, ikaw si Mayor Vi! Malaki ang kaibahan ni Gob. Vilma sa ibang pulitiko, nariyan ang mga pulitikong sumayaw at kumanta, bagay na gawain ng isang artista. Ngunit kay Gob. Vilma, minsan nya lang ginawa ang pagkanta, kung di naman sya nahilingan ay di nya talaga gagawin ang kumanta. Tunay ngang nababaligtad ang mundo pagdating ng kampanya, ang mga artista, nagnanais magsilbi at ang mga pulitiko nagiging artista.

Walang kampanyahang hindi nagkaroon ng pagbatikos, at si Vilma Santos ay hindi nakaligtas sa mga ito, di pa man nagsisimula ay binato na agad sya ng mga pagpuna, ginawa pang isyu ang kalinisan at kaayusan nya sa sarili at ang pagnanais daw ng mga taga-Batangas ng full time Governor, ngunit ang lahat ng kasagutan sa mga paninirang yan ay alam na ng tao. Hindi na kinailangan pa ni Vilma na sumagot. Sa kalagitnaan ng kampanya, ay lumabas ang isang komiks ng tumutuligsa hindi lamang sa pulitikal na

buhay ni Vilma, kundi pati na rin sa kanyang personal na buhay, ang mga hindi na dapat binigyan ng kulay ay tuluyang pinatingkad ang kulay sa mata ng publiko lalo na sa isyu ng moralidad. Ngunit hindi naman nakadagdag sa boto ng kanyang mga katunggali. Sa kabila ng lahat ng pambabatikos, ang isang Vilma Santos ay nanatiling bukas ang mga mata at hindi nasira ang kagandahang asal na kanyang natutunan.

Hindi sa lahat ng pagkakataon ay masarap at masaya ang kampanya. Hindi tulad ng isang Vilma Santos ang hindi dudumugin ng tao. Karamihan sa mga bayang aming nabisita noong kampanya ay gayun na lamang kasabik makita at mahawakan man lang si Vilma. At si Vilma naman, taos –pusong iniaabot ang kanyang mga kamay sa mga nag-aabang sa kanya. Kita mo rin ang kasiyahan sa kanyang nakaliligayang ngiti, na pumapawi sa pagod at init na nararamdaman ng mga taong matagal na nag-antay sa kanya sa daan. Paglagpas ng kanyang karosa, hindi maalis ang ngiti at ligaya na naramdaman ng mga tao sa pagkakita sa kanya. Isang patunay dito ang pagbisita nya sa Batangas Regional Hospital, ultimo mga pasyenteng nakadextrose bumaba para lang makita sya. Mga palengkeng kanyang nilibot, naglabasan ang mga tao at ang mga gym na umaapaw sa tao. Nariyang amuyin ang kamay na nahawakan ni Vilma, magtatalon habang hawak ang mga litrato ni Vilma na naagaw nila sa isang tumpok ng nag-aagawan at nariyang panggigilan nila ang mga kamay ni Vilma. Sa huli, pagkatapos ng kalahating araw ng pangangampanya, ang Vilma Santos, pagdating sa bahay pagod at halos di na makalakad ng maayos pero saan ka nakangiti pa rin sa mga taong nag-aabang sa kanya.

Ate Vi is the longest reigning female movie icon. Despite the passing of years, Vilma Santos remains on top of the movie scene, still beautiful and even more accomplished. Her seemingly perpetual 44-year film career has brought her to eminence and has reached legacy through her acts and achievements. Her auspicious start is very imminent of her becoming a bigger star. As an actress of the highest magnitude, she has lasted the test of time with her physical, emotional and mental endurance. She has the ability to overcome the ups and downs of life with resilience and exuberance but without disheartenment nor trepidation. She credits her youthful looks to "a lot of rest, good thoughts, exercise." Furthermore, her unusual longevity as a star kindles from her innate sparkle, from her being a positive thinker and from her own effort in generating her brain works. A timeless

pattern and a timely production she unconsciously designs!

M = Movie Queen

Vilma Santos is the Queen of all Movie Queens... She is a Classic Movie Queen, a Contemporary Movie Queen, an Award-Winning Movie Queen, Musical Movie Queen and Takilya Queen. She is a woman of remarkable beauty, intelligence, and independent spirit. As a film star, she has a very disarming smile, she is capable of lighting up the screen with her mere presence, and she can be paired-off romantically with leading men of new generation with sense of parity. Aside from being fabulous and glamorous, she oozes with charming warmth and sincerity, humble, decorous, professional, devoted to her craft and determined to excell. She is the highest paid actress of the land which she shares this distinction with the megastar. Furthermore, she has a knack in choosing the right roles for her which she delineates every role as befitting of a movie queen, and every character as exemplary of explicit and impassioned acting. From 1973 up to the present, she has retained her supremacy on the silver screen making her the longest Movie Queen that the Philippine Cinema has ever produced.

A = Artist of all Seasons

From her very first screen appearance, Vilma Santos seems to have drawn a masterful outline of her career move, unmindful and forgetful of latency, behooving and honing to be an exemplary actress through hardwork and professionalism. We see a good Vilma from being a child actress to teen idol to playing fantasy characters. But her brilliant conviction to excel has resolved her to take the non-customary course. As an artist, she has fostered aesthetic refinement, and yet constantly exploring a qualitative sense for the enhancement of her craft. She ventures her fame to broaden her scope as an actress... from a tragic stripteaser to a rape victim, from the every woman to the other woman, from a nymphomaniac to a career-minded woman, from a distress ofw worker to an anti-crime crusader. She has also played a politicized nun in a period of intense political repression which others won't dare to even touch. Her multifaceted portrayals in truthful characterization of varying roles have gained enrichment in her wisdom and has zoomed her career wondrously to greater heights. In consequential, she has won both local and international acclaim as an actress and firmly validated her box-office supremacy. Importantly though, through most of her celebrated films, she has vehemently mirrored and subtly broached in our midst the real plight of our people and the present state of the nation in general.

S = Survivor

Vilma Santos has started her acting career in 1963 and amazingly 44 years later, she is still contending for dominion of her domain. There is nary a time she has paused in her entire career, always in the limelight for more than four decades and remained in the same state of popularity up to this day. She has out shown the glamour queens and gone beyond her contemporaries who have all gone to oblivion, except for the ex-superstar who is no longer in the running for quite a time. Moreover, she has surpassed new breeds of stars from time to time, and the spotlight is hers yet as leading lady... clearly proving her durability and bank ability. She has charisma, wisdom, innate gifts, humility, industriousness and determination that make her stay in power. The probity in her, the resplendent in her character, her genial personality, comeliness in behaviors and liberalism in thoughts have all embellished her >>>



bastion. Even to this day of the much younger generation of big stars, Vilma continues to lead on top and in greatness, earning her the distinction of the Longest Movie Queen of Philippine Cinema. She is the last surviving active movie queen in the mainstream cinema that becomes a personal icon for millions of people all throughout these years. Vilma, indeed, is a class by herself.

A = All-Time Favorite

A living legend of Philippine cinema and one of the most fascinating women of all time, Vilma Santos has reached unparalleled height of success in her acting career. To date, she has 50+ best actress awards from various award giving bodies making her the most awarded actress in Philippine movies; she has four grand slam wins, the only actress in Philippine Cinema to receive the most number of best actress grand slam wins. In the film 'Dekada '70,' she receives 9 acting awards, a record breaker for a single performance in a film. And her 5th Lifetime Achievement Awards comes from the Feminist Centennial FF. In addition, she richly deserves the UP Gawad Plaridel, the Gawad Suri and Tanglaw Awards from newly instituted organizations. Regarding her box-office supremacy, she has received the All-time Favorite Actress from Guillermo Foundation, aside from the countless Box-Office Awards. About the tremendous reception by the public of her endorsements of Globe, Ariel and Bearbrand, this has also proved out her being a favorite by advertizers. As if not enough, her TV show 'Vilma' has received multiple awards and recognitions, and has consistently been loaded with commercials. She has box-office hit appearance in U.S. Pinoy Fiesta. She was awarded Star-Politician of the Year by Pen Phil. Entertainment. And even her 23 song CD album has a smash release. She is the ultimate Philippine star, loved by millions of admirers and fellow workers. Certainly, she is the all-time favorite star-politician celebrity of various award-giving organizations.

N = National Treasure

Vilma Santos is widely considered as the Philippines Greatest Actress of All Time and winner of 2 International Best Actress Awards. Her 44 year-long acting career began in 1963 as a child actress at age of 9 and 9 years later, she was already acclaimed as an excellent actress. She has been a cinematic diva for more than four decades, setting the most records in acting accolades and awards and dominating the box-office consistently by enormous margins. Her gift in acting is marked by sensitivity of interpretation and absolute mastery of technique. Her films embody intangible national cultural values. Her filmography boasts of a list of films that are fearless, artistic, classic and socially relevant. She has the star power to discern to movie patrons the relevance of her films for the political and social rights of individuals and the true state of the nation. With her impressive film resume, Ramon Magsaysay and National Artist Awards are very much worthy of Vilma Santos... her ultimate goals of triumph.

T = Takilya Queen

Vilma's drawing power at the tills has been cemented in 1973 when Lipad, Darna, Lipad has broken all existing box-office records. Not even an FPJ and Erap-Guy tandem have come close in competition in that year. All her succeeding films are all blockbusters proving further her unparalleled box-office magic and domination. She has been given countless awards as box office queen by different organizations and was elevated to hall of fame in 1986. Metro Manila Theaters Association awarded her the prestigious Cinehan awards Box-Office queen in 1982 and the Longest Reigning Box-office Queen in 1986 in view of her excellent body of work which were huge commercial successes. The enormous success of 'Anak' in 2000, prompted the Guillermo Mendoza Memorial Foundation to award her another Box-Office Queen Award in 2001 despite being elevated to the Hall of Fame. As she has always been transcending victorious at the tills, she has always been wearing the box-office crown for the longest time. Indeed, Vilma is the Longest Reigning Box-Office Queen.

O = Outstanding Politician & Actress, Wife & Mother

Vilma Santos is the perfect model of all nobleness, the icon of professionalism and achievement. She stands on her head trying to create Lipa an almost ideal society through her impressive humanitarian works such as education and health services being her top priorities. Her 'Mga Munting Ngiti' dental health campaign project won first place in an international competition. She strongly advocates her green and clean projects for a friendly environment. She belongs to the top 100 Movers and Shakers of the Philippines, the people who shape our world outstandingly in many ways. She was bestowed the Honorary Causa, PhD in Humanities by the Lipa Colleges. And as a rare icon in the art of films, she is the most accomplished among the actresses and remains one of the most respected and bankable stars in Philippine movies. She received the highest honor so far in movies via the prestigious U.P. Gawad Plaridel as the most outstanding media practitioner for film. But the devotion to her husband and children are paramount to her. A dedicated advocate of parenting, she is hands on, doing her best in giving quality time to her family. A woman of substance and an excellent role model, her multifaceted experiences are spanned accordingly to a designated activity. An enormous venture yet a great fulfillment she enjoys through these years.

S = Star for all Seasons

Vilma Santos continues to shine brightly. In her unparalleled career which has spanned for almost 5 decades and almost 200 films (1963-2005), she has beautifully gutted it out and has remained at the crest of her career. She is indubitably, the undisputed star for all seasons. From playing a variety of colorful screen characters, in the process she has evolved to become the greatest actress that Philippine cinema has ever produced. She is the only actress in the land to consistently combine artistic and commercial success for the longest time. She has garnered the most major acting accolades throughout her career to validate her strong talent, and the countless awards in the box-office making her the longest reigning box-office champion. Her winning streak from all frontiers of her dual career makes her attractive to magazine editors and other media channels. For her fans and admirers, Vilma is a figure of inspiration, a positive role model. And perhaps responsible for any redemption. Her star power has the real power to move people. She's so amazing, she has human qualities yet she has superhuman drives to succeed.

Vilma knows that life is best when she's busy working on it... she tenaciously worked for her undertakings. With her superhuman drive, it just keep getting better and better. And effectively, she captured our national psyche. Definitely, Vilma is one of the more interesting women celebrities that has evolved in recent times. - **Bobby Lopez**

For Bobby's blog, check out:

http://bobbyalbert.blogs.friendster.com/my_blog






8. Willie Fernandez - "The Professional" - Kuya Willie sa karamihan, siya ay isang manunulat sa ating bansa. Katulad ni Alan, direkta rin ang kanyang koneksiyon kay Ate Vi. Madalas siyang nakakateks ni Ate Vi at sa mga text session na ito ay ipinapasa niya sa atin ang mga fresh na fresh na news tungkol sa ating reyna. Si Kuya Willie rin ay ang nagorganisa ng iba't ibang event na nasasangkot ang ating reyna kahit na wala siya sa Metro Manila katulad ng mass event sa Davao ng mga Vilmanians duon upang bigyan ng lakas at makapag-isip si Ate Vi kung magra-run ba ito sa gobyerno ng Batangas. Si Kuya Willie rin ay walang pagod na nangangampanya sa pagkapanalo ni Senator Recto sa Davao. Sa mga kasama niya sa media kung saan patuloy siyang nagsusulat patuloy niyang binibigyan tayo ng mga artikulo sa ating V Mag.

9. Charles Gomez - "Dubai" - Masayahin. Isang salita na tamang magbibigay ng pagsasalarawan tungkol kay Dubai. Dubai dahil tulad ng karamihan sa atin na nasa labas ng bansa, sa Dubai siya naka-home base at rito siya nagtra-trabaho. Pero Dubai ang palayaw niya dahil si Ate Vi mismo ang nagpalayaw sa kanya nito. Ganyan ka popular si Charles. Tulad ni Alan, moderator si Charles ng isa sa ating e-groups. Para sa mga miyembro ng e-group siya ay isang mapag-arugang kaibigan dahil sa kahit na anong problema tulad ng pagsulpot sulpot ng mga taga kabila para manggulo eh napapakalma niya tayo sa pamamagitan ng kanyang mga salita. Mga nakakatuwang salita. Kungbaga walang masamang pato sa kanya kahit na ang mga tagakabila. Sa halip na bato ang ibalik tinapay raw ang itapon. Sa mga salita niya nakikita natin kung gaano niya nirespeto ang mga kapwa niya Vilmanians.

10. Mar Garces - "The Writer" - Katulad ni Kuya Willie, isang mahusay na manunulat si Kuya Mar. Ilang beses na rin naman na-publish ang kanyang mga artikulo sa mga babasahin sa ating bansa ngunit sa kabila nito'y nanatili siyang "humble" at nakaapak ang paa sa lupa. Siya pa rin ang ating Kuya Mar. Tulad ng "Samut sari" ni Father J, kapanapanabik ang kanyang "tuhog" articles na kanyang pino-post sa ating mga e-groups. Hindi lamang pangkaraniwang tuhog-tuhog topic kundi mga trivia information with matching analysis ang kanyang ibinibigay sa atin. Siya marahil ang unang nag-tabulate ng mga awards ni Ate Vi kumpara sa idolo ng kabila. With matching proof at balance analysis. Sa bawat mensahe n'ya rin makikita ang pag-ke-care niya sa lahat ng mga miyembro na nakakausap niya. Mga respetong ibinibigay niya sa pamamagitan ng encouragements kung merong mga problema sa mga nangugulo sa ating e-groups o maging personal mang mga bagay. Ang kanyang panulat ay nakakagabay sa atin. Nakakapagbigay na panandaliang aliw. Ang panulat niya ay nakakahubog sa ating paniwala, sangayon man tayo o hindi pinakikinggan natin siya dahil isa siya sa mahalagang tauhan sa mundo ng mga Vilmanians.

- Rendt Viray



{ special re-print }

Thrilla in Lipa

By Marlen V. Ronquillo,
The Manila Times March 25, 2007

She dusted off a tear. An adoring crowd of 5,000 people held its breath, an interregnum to an expected climax. She said "I will run" and the crowd was ready to go. To wherever she would lead them. The Batangas capitol in May. Tomorrow, who knows? The electricity of that moment in Lipa City, when Mayor Vilma Santos announced her candidacy for Batangas governor, was hard to miss. Those with a sense of politics can always feel those defining moments. It is said that Karl Rove was once asked by the Elder Bush to give car keys to his son George W. and what Rove saw in their first meeting was a future president swaggering in a bomber jacket, not a near bum which George W. was then. As Rove handed the car keys to George W., he likewise indentured his political skills to his future president. Just two weeks ago on a sunny day in Lipa City, Vilma Santos, without a script and out of reel range, shook the ground of Philippine politics with her own defining moment. She was no longer Vilma Santos, who became mayor on the usual formula of movie fame. She was, in the broader political landscape, several times larger than her small physical frame and her city mayor-status. She spoke of dreams, of family, of heeding a clamor, the usual stuff. But she did this with seeming earnestness and that obvious political gravitas. And because of the TV news crew, she did it on a national stage.

Indeed, will that Lipa moment merely take her to the capitol? Or elsewhere in 2010? Nobody is pushing Ms. Santos to run for president now. All of that is still presumptuous and premature. She has to wait for two months to take the capitol, that boorish character is a temporary hurdle. But give her a maximum of two years and there will be pressure for her to consider running for the presidency. Her advantage is that no superhuman accomplishments have to be accomplished to vest her with the perception of fitness



and competence. She already has been crowned with the tiara of efficiency. The reality is anybody could have done what she did in Lipa City. Most growth-driven Philippine provinces and cities grow on their own, with little help from government. Or, despite government. She only has to do one third of what the Opus Dei-member former governor did and she will be hailed as the "best governor" of Batangas. Ms. Santos has this uncanny knack of being associated with the positive things in her life, her colorful Romeo Vazques days entirely forgotten. This is very rare in politics, where the muck is what is always remembered. Even the grand old figure of Philippine politics, former Senate President Jovito Salonga, said there is something rare about Vilma Santos, an actress who went to politics and who later honed her craft in public administration. If the political handlers of the three known presidential aspirants managed to watch that thriller in Lipa, a redrawing of political plan is in order. The leading aspirant cannot just live off the glory of his "Mr. Palengke" ads. It will be a tired one by 2010, the public markets may no longer have local products to sell unless we check the savagery of unfair international trade and put the safety nets in place for our agriproducers. The other one has to put his "Sipag at Tiyaga" story to rest. It is now the generation of get-rich-quick tech wizards, of the Google duo who turned billionaires overnight, of Indian steel magnates who never started from scratch. It is not all about a booming voice, Kabayan should realize. He has to recompose his story. Starting really small, as the late Inday Badiday's coffee boy, and succeeding, is an episode good for one senatorial run. It would be an exhausted story by 2010. Right now, only Vilma Santos has bankable political script with a compelling narrative at that.

V

{ flashback }

Movie Review

Bagong Porma sa Lumang Pormula Ni Justino Dormiendo Manunuri ng Pelikulang Pilipino

Sa “Gaano Kadalang ang Minsan?”, minsan pang pinatunayan ni Danny Zialcita ang kanyang pambihirang abilidad sa pagbibigay ng bagong treatment sa lumang tema ng pag-ibig, na kadalasa’y umiikot sa pormula ng triangulo. (Hindi nga ba’t maging sa kanyang mga naunang obra, tulad ng “Hindi sa Iyo ang Mundo, Baby Porcuna” at “Ikaw at ang Gabi”, ay naitatak ni Zialcita ang kanyang makabagong sensitibilidad sa pagtalakay sa mga kuwento ng pag-ibig?) Mula sa istorya ni Tom Adrales (nagsilbing katulong ni Zialcita sa iskrip at sa direksyon), ang “Gaano kadalang” ay tungkol sa magkaibigang Lily (Wilma Santos) at Elsa (Hilda Koronel), na bagama’t kapwa nakaririwasa sa buhay ay magkaiba naman ang swerte. Matapos magpatingin si Hilda sa doktor, nalaman niyang wala na siyang pag-asang magka-anak pa. Si Vilma nama’y may kaisa-isang anak nga sa pagkadalaga pero wala naman itong ama at, mas grabe pa, may taning na ang buhay ng bata (may congenital heart disease ito). Minsan, nagkahingahan ng problema ang magkaibigan, at sa kanilang pag-uusap, inalok ni Hilda si Vilma na gawing ama ng kanyang anak ang asawa nitong si Louie (Dindo Fernando). Bagamat ipinalabas niyang mahal din niya ang bata at gusto niya itong mapaligaya kahit pansamantala lang, ang kanyang tunay na pakay ay mapaglapit ang kaibigan at ang asawa nang sa gayo’y magkaroon siya ng maaampong anak na mula sa relasyon ng dalawang taong kapwa niya mahal. Nagtagumpay ang tatlo sa kanilang pagpapanggap, at gaya ng inaasahan, nagkaibigan nga ang dalawa. Pagkatapos mamatay ang anak, nagbuntis si Vilma. Dahil delikadong manganak siyang muli (diumano’y may sakit siya sa puso), nagtangkang ipalaglag ni Vilma ang nasa kanyang sinapupunan. Napigilan siya ng kaibigang si Chanda Romero at ni Dindo mismo. Pero, sa wakas, nang siya’y magsilang, nawalan si Elsa ng asawa, kaibigan at anak.

Mahusay ang pagkakdevelop sa kuwento ng “Gaano kadalang” at epektibo ang direksyon ni Zialcita. Nagawa nitong masangkot ang manonood sa problema ng mga tauhan. Absorbing ang naging tunggalian ng mga puso’t damdamin. Nai-pakitang may sapat na motibasyon ang kanyang mga tauhan para pumasok sa ganoong arrangement. Gayunpaman, may ilang katanungang hindi nasagot sa pelikula. Una, paano nakasisiguro si Hilda na ipagkakaloob sa kanya ni Vilma ang anak nito kay Louie sakali ma’t hindi namatay ang bata? Ikalawa, bakit masyadong naging hayagan ang relasyon nina Vilma’t Dindo lalo pa kung isa-saalang-alang ang kanilang tayo sa sosyedad? At ikatlo, kung totoong mapera si Vilma, bakit nahirapan siyang kumontak ng abortionist at dahil nga dito’y isinugal pa ang buhay? Kung tutuusin, lalo pang naging prominente ang mga kakulangang ito dahil lubusang nagrely ang pelikula sa samut-saring medical convolutions ng plot: kesyo hindi pwede manganak si Hilda, kesyo may anak nga si Vilma pero blue baby naman at kesyo hindi rin siya pwedeng manganak ulit

dahil sa sakit niya sa puso (at ang mga ito ay nakapagtatakdang hindi pa nalalaman ni Dindo).

Ang madalas magpaangat sa pelikula ay ang acting ng cast. Dahil mas malaman ang kanyang papel at tila na perfect na ni Vilma Santos ang agony ng other woman, mas nangingibabaw ang kanyang performance kay Hilda Koronel. Kahit na mas marami ang nagsasabing si Hilda ang angat dito. Pasulpot-sulpot ang papel ni Hilda at may kahinaan ang motibasyon (isipin mong siya pa ang nagtulak sa sariling asawa sa ibang babae!). Medyo nakaka-distract ang kanilang mga kasuotan (mga gawa ni Christian Espiritu), gaya rin ng ayos ng mga bahay at kasangkapang tila nakikipagkumpetensiya sa tauhan. Epektibo rin ang pagganap ni Dindo Fernando bilang Louie na nahati ang puso para sa dalawang babae. Magaling din ang supporting cast, lalo na si Suzanne Gonzales, ang yayang sosyal, at ang batang si Alvin Joseph Enriquez. Kahit maikli ang kanilang papel, mahusay rin ang rehistro nina Tommy Abuel, ang doktor na nanliligaw kay Vilma, at si Chanda Romero, bilang matalik na kaibigan ni Vilma.



Tatsulok na Pag-ibig ni Mario Bautista

Ang pelikulang umiikot sa tatsulok ng pag-ibig ay isa na sa perennial favorites ng masang Pilipino. Maging ang kapanuhunan pa nina Rogelio dela Rosa at Carmen Rosales ay palasak na ito sa mga pelikulang tulad ng “Maalaala Mo Kaya”, “Tangi Kong Pag-ibig” at “Lydia”. Ang kadalasang katriangulo nila noon ay si Patria Plata o kaya’y si Paraluman. Nag boom ang love triangle movies noong 60’s matapos nag hit sa takilya at manalo ng katakut-takot na Famas awards ang “Sapagkat Kami’y Tao Lamang” na siyang naglunsad kina Eddie Rodriguez, Lolita Rodriguez at Marlene Dauden sa di-mabilang na mga pelikulang pawang ganito ang tema. Halimbawa’y ang “Kasalanan Kaya”, “Babae, Ikaw ang Dahilan” at “Ikaw”.


Ngayo’y muli na namang na-resurrect ang triangulo ng pag-ibig sa “Gaano Kadalang ang Minsan?” sa katauhan nina Vilma Santos, Hilda Koronel at Dindo Fernando. At sa tingin namin, sa mga nag portray na ng ganitong kalse ng roles lately, sila na ang pinakamalapit sa orihinal at tipong talagang magmamana ng trono nina Lolita, Marlene at Eddie. Ang istorya nga ng “Gaano kadalang ay halos hawig din sa isang lumang pelikula nina Lolita, ang “Kapag Puso’y Sinugatan” na pinamahalaan ni Fely Crisostomo at nagwagi ng Famas best picture, best director at best actress awards (for Marlene) noong 1967. Mayroon din ditong batang may congenital heart defect na nasa sentro ng istorya. Hindi na rin bago sa direktor ng “Gaano Kadalang na si Danny Zialcita ang love triangle. >>>

Ganito rin ang tema ng kanyang “Langis at Tubig” na nagpanalo kay Dindo ng dalawang best actor awards noong 1980. Pero dito sa “Gaano Kadalas” ay lalong tumingkad ang mahusay niyang pagha-handle, hindi lamang ng paksa kundi maging sa kanyang mga artista.

Magkaibigang matalik sina Lily (Wilma) at Elsa (Hilda). Nalaman ni Elsa na may sakit sa puso ang anak sa pagkakasala ni Lily at may taning na ang buhay nito. Gustong makita ng bata ang kanyang di-nagisnang ama at upang matupad ang huling hiling na ito ay ipinahiram ni Elsa ang asawa niyang si Louie (Dindo) kay Lily. Siyempre pa, ayaw ni Lily noong una pero alang-alang sa anak ay pumayag na rin siya. (Noong una’y inakala naming magiging napaka-weak ng bahaging ito ng istorya. Sino ba naman ang babaing buong pusong magpapahiram ng kanyang asawa sa ibang babae kahit na sabihin pa ngang best friend niya ito? Pero nalagyan nina Danny Zialcita at co-scriptwriter na si Tom Adrales ng justification ang pasiya ni Elsa. Talagang gusto niyang ibuyo si Louie kay Lily dahil natuklasan niyang siya’y baog at gusto niyang magka-anak ang kanyang asawa sa kanyang kaibigan. Without this ulterior motive on Lily’s part, magiging hindi kapanipaniwala ang buong pelikula.)

Tulad ng inaasahan ni Elsa, nagkaunawaan sina Louie at Lily habang nagsasama sa iisang bubong ang dalawa. Maganda ang pagkaka-develop ng pagkakalapit ng kanilang mga damdamin. Credible ang pagkakaroon nila ng affair dahil, to begin with, mukhang cold na asawa itong si Elsa (natitiis niyang magkalayo sila ni Louie nang matagal na panahon) at ito namang Lily ay may ekspiryensiya nang nabuntis ng lalaki kahit hindi sila kasal. Nang mamatay ang bata, nagbalik si Louie kay Elsa pero naging masalimuot ang lahat dahil nagdadalangtao na si Lily. Naging malungkot ang wakas para sa bawat tauhan, lalo na kay Elsa na siyang may pakana ng mga pangyayari. Sa tingin nga nami’y parang napakalupit ng ending para sa kanya.

Mahuhusay ang tatlong main stars. may kanya-kanya silang best scenes. Sina Dindo at Wilma sa unang kompromasyon nila matapos magbuntis ang huli nang mukhang hindi excited si Dindo sa pagdadalangtao nito. Si Hilda ay sa panunumbat niya kay Dindo matapos magbalik ito sa kanila, doon sa eksenang sinasabi niyang “That was the arrangement, Louie”. Pero sa lahat ng mga artista ay si Chanda Romero ang nagustuhan namin sa lahat. Kahit maikli’t halos supporting lamang ang role nito bilang kasosyo at confidante ni Wilma ay talagang markadong-markado ang kanyang pagkakaganap. Napakaepektibo niyang magdeliver ng mga linya, lalo ng mga babala niya kay Wilma na tulad ng : “Huwag mo ng ituloy. Baka masaktan ka sa bandang huli. Babae ka, lalaki si Louie, siguradong gulo ‘yan.” Parang siya ang nag foreshadow sa mga sumunod na pangyayari sa buhay ni Lily. Nang magbuntis ito, siya rin ang nagbigay ng payo: “Pumatol ka rin. Pwede bang ikaw lang magdusa e kasama siya sa sarap?” Kaya’t siya ang nagsabi kay Louie na gustong magpa-abort ni Lily. Ang iba pang guest supporting players ay magagaling din: si Ronaldo Valdez ay kwelang kwela sa dinner scene nilang apat nina Chanda, Wilma at Dindo; si Tommy Abuel ay napakagaling bilang doktor na may asawang nanliligaw kay Wilma; at si Gloria Romero bilang ina ni Hilda. Ang credit na ito sa pagkuha ng mga mahuhusay at kilalang artista kahit na halos guest role lang ang lalabasan ay dapat na



mapunta sa direktor na si Danny Zialcita, na hindi nagtitipid sa pagkuha ng kung sinu-sinong ekstra na siyang kadalasang nangyayari sa ibang pelikulang lokal. The lions’ share of credit should really go to Zialcita dahil nagawa niyang bigyan ng bagong bihis ang isang behikulong gamit na gamit na. As usual, naroon ang mga pakwelang dialogue na tatak niya. Halimbawa’y nang makita ni Hilda na nanonood si Wilma sa pagpapaalam niya kay Dindo: “Don’t look, Louie, but I think your wife is watching.” O nang sabihin ni Wilma kay Dindo: “Kung nagkataong ibang asawa mo, I’ll gladly be your willing mistress.” maganda rin ang sets, mga bahay at restaurant na ginamit sa pelikula. Mabilis ang pacing at mahusay ang editing. may eksenang out-of-focus si Felizardo Bailen pero as a whole ay mahusay ang trabaho niya. Nakatulong nang malaki sa ikagaganda ng pelikula ang madamdaming musical score at theme song na ginawa ni George Canseco. Sa lahat ng ginawang pelikula ng Viva Films, dito kami talaga nag-enjoy. Ngayong nasa Viva na rin si Zialcita, dapat sigurong magpakitang gilas naman si Eddie Garcia na siyang dating solong direktor ng Viva.

Top Grosser - Vic del Rosario says that “Gaano kadalas ang Minisan?” has outgrossed “Sinambaba Kita”, Philippine movies’ all-time top grosser. “Last Saturday, “Gaano” grossed P7.3 million in Metro Manila”, he says. “Sinambaba Kita” grossed P7.2 million.

Ewan ko ba kung bakit ang pinagtatalunan ngayon na parang mga manok na sasabungin ay itong, nalalapit na banggaan sa akting nina Wilma Santos at Hilda Koronel. Bakit daw ngayon lang sila pinagbabangga, dahil may pelikula? But of course naman, stupid! Papaanong ipagkukumpara ang dalawang tao na hindi naman magkatabi? One thing we’re sure, nagsilbing hamon kay Wilma ang ibang balitang nakakarating sa kanya na kesyo pataubin siya sa akting at kaseksihan ni Hilda, na gagamitin lang siya ni Hilda para makabuwelo muli sa pelikula, na higit na maganda ang katawan at mukha ni Hilda kay Wilma, at kung anu-ano pang palipad hangin. But it was William Leary who confirms na “mahirap matalbugan si Wilma, Wilma is Wilma in any season and whatever movie!” Talk about fanaticism.

- **Billy Balbastro**

{ featured Vilmanian }



Samuel "Wonder Sam" Guzman

S instant friend. That's what I felt the moment I met him. It was last year together in his condo in downtown Toronto that I met him and another avid Vilmanian, Irene Mangubat. The three of us bonded and reminisce. Then that follows a series of brief meetings in a disco called Zippers in the gay village. Both of us will scream at each other just like Ate Vi in movie Anak. Sam is indeed became an instant friend. Sa ating e-groups, Wonder SAM ang kanyang alias. Tinanong ko siya kung anong age na niya, ang sagot niya? "ageless" pero kaka-birthday pa lang niya (April 21). Birth sign niya is Taurus. Here's his other basic info: Favourite dish: kare-kare, relyenong bangus at fettuccini. Hobby: watching TV and movies on DVD, Club dancing and biking. Dislike: hypocrites. Like: sincere and down to earth. Occupation (optional): Operating room Technical Assistant. Home base (or present location): Toronto, CANADA. We asked him these questions:

1. Saan nag-umpisa ang pagiging Vilmanian mo?

Alam mo Rendt, tandang tanda ko pa nasa grade school ako nung maimpluwensyahan ako ng mga classmates ko sa pagiging Vilmanian lalong lalo na si BAMBI FUENTES yung sikat na make-up artist sa atin ngayon at sa bahay din namin noon madalas manood ng D'Sensations lalo na yung uncle ko na nasa ibang bansa na rin ngayon tapos ang Auntie ko naman mahilig ako isama sa basketball practice ng mga artista na ginagawa malapit sa bahay ni Ate Vi sa

VASRA Village alam mo kasi kami nakatira din noon sa Project 6 then syempre sabay na rin sulyap kay Ate Vi. I think dito nag-ugat ang pagiging VILMANIAN ko.

2. Anong mga bagay ang nakita mo kay Ate Vi na wala sa ibang artista?

'Yung anking KARISMA nya na makikita mo sa aura at bawat pagkilos nya gaya ng sa pagsasayaw, sa paglalakad ultimo paghalakhak pati na sa pagsasalita na kumbaga inaabangan mo ang bawat salitang bibigkasin nya. Basta ako'y natutulala't napangiti sa tuwing pinapanood ko sya.

3. Anong Vilma moments na feel mo eh part ka ng events na ito kung kaya maituturing mo itong unforgettable?

Hindi ito yung tipong gathering ng mga Vilmanians o awards night na nanduon si Ate Vi at nakihalobilo ako. Ito yung moment na feel kong parte na pala talaga ako ni Ate Vi at sa lahat ng aktibidades nya dahil simula nito naramdaman kong karamay nya pala ako sa bawat pagababa at pagtaas nya, sa bawat pagkatalo at pag-

panalo nya, sa bawat luha at saya nya dahil ako apektado. Haaay naku nagiging malalim na yung usapan natin ah! On a lighter note, masasabi ko na iyong pagakatalo ni Ate Vi sa Rubia Servios na sya namang ikinapanalo nya sa box-office ang isang VILMA moment na hindi ko makakalimutan. Isang malaking EVENT sa buhay ko ito kasi napanood ko ang pelikula at umasa ako sa pagwawagi nya ngunit nabigo pero sa kabilang dako sa ibang paraan wagi din naman sya. Alam mo kasi nung high school ako meron kaming assignment sa subject na Pilipino na ang topic namin is yung pag-analyze ng pelikulang tagalog mula sa teknikal na aspeto hanggang sa pagdirek at pagganap. Nagkataon na ang teacher namin Noranian kaya inassign nya sa amin yung pelikula ni Ate Guy na ATSAY pero karamihan sa amin lumihis. Halos lahat ng estudyante sa school namin RUBIA SERVIOS ang pinanood at pinaglaban na ito'y mas magandang pelikula at mas maganda ang pagkakaganap lalo na ni Ate Vi. Kaya naman napawi ang sama ng loob ko at lungkot ng malaman kong maraming nagkagusto sa pelikulang ito at naging tagahanga pa ni Ate Vi.

4. Anong mga bagay ang ginawa mo na nagpapatunay na Vilmanian ka nga?

Hay naku napakarami. Hindi nga lamang directly na gaya ng pag-sama sa mga shows o shooting o parties ng mga fans o kung sa ano mang activities ni Ate Vi kasi noon "silent Vilmanian" pa lang >>>

ako. Ang pakiki-debate ko upang depensahan si Ate Vi laban sa ibang kampo,yung makipagtalak-takan sa sino mang manira at kumontra kay Ate Vi,yung halos gayahin ko ang kilos at galaw at akting nya sa bawat pelikula at palabas na mapapanood ko. Yung abangan ang lahat ng pelikula at pumila para lang mapanood ito,yung abangan ang lahat ng shows nya sa TV kesehodang kanse-lahin ko ang importanteng lakad masulyapan lang sya sa TV ganun kaliit na bagay nakaktuwa kung iisipin mo pero ganun ako eh bilang "VILMANIAN"



due to brain damage.

9. Bilang aktibong miyembro ng grupo, anong mga bagay ang pinapangarap mong mang yari para sa mga Vilmanians?

I can't say na active Vilmanian ako in the sense na hindi naman ako nakakasama sa mga activities ni Ate Vi pati nga sa website natin bihira lang akong

magparamdam pero active ang PUSO ko sa PAGMAMAHAL para sa ating Reyna. At ang pangarap o wish ko para sa mga VILMANIANS ay yung magandang kalusugan at komportableng pamumuhay nang sa ganun ay magtuloy tuloy ang pagsuporta kay Ate Vi sa lahat ng activities at projects nya mapa-pelikula o politika.

5. Magkuwento ka ng mga maliliit na bagay na nagpa-paalala sa'yo na iba talaga si Ate Vi kumpara sa ibang artista.

Ang hangang hanga ako kay Ate Vi ay 'yung hindi sya nakakalimot sa mga taong may naitulong sa kanya maliit man o malaki paraan lalung lalo na sa mga fans nya.Tulad na lang sa mga awards night lagi nyang nababanggit ang mga Vilmanians ngayon naman sa mga rally at campaign nya at kapag guest sya sa mga TV shows ganun din lagi nagbibitiw ng mga salitang, "I LOVE YOU VILMANIANS" na talaga namang kakaiba at sya lang ang artistang ganyan, well si Sharon minsan kanino pa ba magmamana yan e di sa idol nyang si Ate Vi natin.

6. Gaano mo kamahal si Ate Vi?

Tatlong salita lang...MAHAL NA MAHAL!!!

7. Ano sa tingin mo ang kinalalagyan ngayon ni Ate Vi? At anong mga bagay pa ang gusto mong marating ni Ate Vi?

Sa marating siguro itong pagiging Governor na lang muna sa larangan ng politika.Masyado naman kung pati pagiging Presidente o pagka-Senador eh ambisyunin ko pang maabot nya pero kung taong bayan na ang humiling at manganakong taos pusong suporta sa ating mahal na Ate Vi naku Rendt sino ba naman ako para kumontra. Sa showbiz naman eh wala na akong mahihiling pa at wala na syang dapat patunayan pa kahit na magsi-come back pa ang kung sinu-sino mang mga artistang magagaling at maghakot ng mga awards which i'm sure hindi mangyayari kung may panlaban si Ate Vi.In short sa kinalalagyan ni Ate Vi ngayon ang masesay ko lang ,"WALA SYANG KATAPAT"!!!

8. Meron pa bang dream role para sayo na hindi pa naga-gampanan ni Ate Vi?

Kung di ako nagkakamali,role ng babaeng sundalo na naging NPA,role na mula umpisa hanggang matapos TOMBOY o kaya dating lalaki na naging babae,role na dating normal na naging inutil

10. Kung makakausap mo ngayon si Ate Vi, anong unang-unang sasabihin mo sa kanya?

Sasabihin kong "SALUDO AKO SA IYO!!!"

11. Kung makakausap mo ngayon si AteVi, anong unang-unang gusto mong malaman na personal na hindi mo pa alam tungkol sa kanya?

Naku sobra naman yata yan baka naman ma-invade ko na yung private life nya...huwag na lang pero kung pipilitin mo ako sige na nga kaya???hmmmm...teka,ang itatanong ko siguro ay yung,MALIBAN KAY RALPH SINO ANG TUNAY NA MINAHAL MO??? Naku ayan,huwag mo na lang sagutin Ate Vi ma-iintriga ka pa. Isa pang tanong,kung hindi napangasawa ni Ate Guy si Boyet at niligawan sinagot mo kaya sya o sa palagay mo kayo kaya ang nagkatuluyan? Rendt kasi pinilit ako di ko na mapigilan ang sarili ko,o sya tama na ang katatanong di ko naman kaharap si Ate Vi,'no!

12. Kung makakausap mo ngayon si Ate Vi, anong mga bagay tungkol sa'yo ang gusto mong malaman ni Ate Vi?

Gusto kong malaman nya na Vilmanian na ako nung bata pa lang ako at nung sya'y nakatira pa lang sa Project 6,Q.C. at gusto ko ring ipaalam sa kanya na nag-cocollect ako ng mga movies nya in VCD/DVD na walang sawa kong pinapanood paulit ulit...na lagi akong nag-sesearch sa internet ng kahit anong news about her...na i'll be a VILMANIAN forever !!!

13. Kumpletuhin mo ang pangungusap na ito: "Ako ay Vilmanian dahil..."

I'm SMART with GREAT personality and oozing with sex appeal gaya ng idol ko, hahahaha...yun na!!!

SCREEN QUEEN

by Obet Sapin

You've been our dearest inspiration
Loving you is our eternal passion
You're the one and only Star for All Seasons
For you've got all the best and immense reasons

Your beauty and talent are immortal
That's why you're up there on the pedestal
Your body of work is really world class
Indeed, you're the country's premiere lass

Having an untarnished reputation
You're truly the pride of the nation
Everybody hails you as the lovely Screen Queen
Awards and great admiration you always win

In our hearts and minds you'll forever be present
You'll perpetually be the most resplendent
You're the greatest and ever brightest star
No one can come close or be on par

We will faithfully love a role model like you
For you've always been honest and true
All you've done is for a noble cause
Since you're the magnificent Vilma Santos

